

Para sa napapanahong impormasyon tungkol sa mga kasanayan sa pagproseso ng data ng Microsoft, pakisuri ang [Pahayag ng Pagiging Pribado ng Microsoft](#). Malalaman mo rin dito ang tungkol sa mga pinakabagong tool na ibinibigay namin para i-access at kontrolin ang iyong data at kung paano makikipag-ugnayan sa amin kung mayroon kang tanong tungkol sa pagiging pribado.

# Pahayag ng Pagiging Pribado ng Windows® Phone 8.1

Huling na-update: **Abril 2016**

Nakatuon ang Microsoft sa pagprotekta sa pagiging pribado mo, habang naghahatid ng mga device at serbisyo na nagbibigay sa iyo ng mga naka-personalize na karanasan, pagganap, kakayahan, at kaginhawaan na gusto mo. Inilalarawan ng pahayag ng pagiging pribado na ito ang mga kasanayan sa pagkuha at paggamit ng data ng software at mga serbisyo ng Windows® Phone 8.1 ("Windows Phone"). Ang mga naunang bersyon ng operating system ng Windows Phone (halimbawa, Windows Phone 8 at Windows Phone 7) ay napapasailalim sa mga hiwalay na pahayag ng pagiging pribado. Mag-click [dito](#) para basahin ang Pahayag ng Pagiging Pribado ng Windows Phone 8, o [dito](#) para basahin ang Pahayag ng Pagiging Pribado ng Windows Phone 7.

Ang pahayag na ito ay hindi naaangkop sa iba pang online o offline na site, produkto, o serbisyo ng Microsoft. Hindi rin ito nalalapat sa mga kasanayan sa pagkuha at paggamit ng data ng iba pang entity na bahagi ng iyong karanasan sa telepono, gaya ng iyong carrier, manufacturer ng telepono, mga provider ng mobile app, mga account ng enterprise, at mga provider ng website. Pakisuri ang mga patakaran sa pagiging pribado ng mga entity na iyon para malaman ang tungkol sa kanilang mga kasanayan.

Para matulungan kang kumuha ng impormasyon na pinakamahalaga para sa iyo, ididirekta ka ng mga sumusunod na link sa impormasyon tungkol sa isang partikular na paksa o feature ng telepono.

[Pagkuha at Paggamit ng Iyong Impormasyon](#)

Pagkuha at Paggamit ng Pangunahing Impormasyon tungkol sa Iyong Telepono

Pagkuha at Paggamit ng Mga Kredensyal sa Telepono at Serbisyo

Pagkuha at Paggamit ng Impormasyon ng Lokasyon

Impormasyong Ibinabahagi Namin sa Iba

Mga Bata

Pagpapakita ng Advertising

Paano Kami Nakikipag-ugnayan sa Iyo

Pag-imbak at Paglipat ng Impormasyon

Seguridad ng Iyong Impormasyon

Mga Pagbabago sa Pahayag ng Pagiging Pribado na Ito

Para sa Higit Pang Impormasyon/Mga Kahilingan sa Access

### Mga Partikular na Feature:

Mga App ng Accessory

Identifier ng Advertising

Mga Gawain sa Background

Backup

Kalendaryo

Cortana

Email + Mga Account

Hanapin ang Telepono Ko

Internet Explorer Mobile

Pagtukoy sa Keyboard

Pambata

Mga Pag-check-in sa Lokasyon

Mapa

Pagmemensahe

Account sa Microsoft

Mga Notification at Action Center

Office Mobile

People Hub

Naka-personalize na mungkahi

Feedback sa Telepono

Mga Larawan at Camera

Mga Room

Hanapin

Sharepoint Mobile

Pagsasalita

[Storage Sense](#)

[Store](#)

[Mga Setting ng Pag-sync](#)

[Pagtabihin at Ipadala](#)

[Mga Update](#)

[Wallet](#)

[WiFi Sense](#)

[Lugar ng Trabaho](#)

[Xbox LIVE at Xbox Music](#)

Hindi lahat ng feature ay magagamit sa lahat ng telepono (halimbawa, ang ilang feature ay hindi magagamit sa mga telepono na may limitadong memory, o sa mga teleponong walang cellular voice o cellular data), sa lahat ng carrier, o sa lahat ng rehiyon.

## Pagkuha at Paggamit ng Iyong Impormasyon

Habang ginagamit mo ang iyong Windows Phone at ang mga nauugnay na serbisyo, kukuha kami ng ilang impormasyon mula sa iyo para mapagana ang mga feature at serbisyong inaalok sa telepono, isagawa ang mga transaksyong hiniling o inawtorisahan mo, at magpakita ng nilalaman at advertising na ipinasadya sa iyong mga interes at kagustuhan. Maaari ding suriin ang impormasyong natanggap namin para pahasayin ang mga feature at serbisyong inalok sa telepono at iba pang produkto at serbisyo ng Microsoft, maliban na lang kung may mga tinukoy na mas limitadong layunin sa [Mga Partikular na Feature](#) seksyon sa ibaba.

Para sa mga karanasan sa telepono na batay sa web, kasama ang mga karanasang makikita sa Windows Phone App Store ("Store") at Games Hub, maaari kaming kumuha ng impormasyon tungkol sa iyong pagbisita sa aming mga site. Halimbawa, maaari kaming kumuha ng impormasyon tungkol sa mga page at nilalaman na tiningnan mo at tungkol sa mga pagkilos na isinagawa mo sa aming mga site, gaya ng mga paghahanap para sa nilalaman o mga application, ang pagbili ng mga application o nilalaman, o ang pag-stream ng nilalaman. Ginagamit ang impormasyong ito para ipasadya ang iyong karanasan at ibigay ang mga serbisyong hiniling mo, gayundin para sa pagpapahusay ng mga produkto at serbisyo ng Microsoft.

Para mabigyan ka ng mas hindi nababago at naka-personalize na karanasan sa iyong mga pakikipag-ugnayan sa Microsoft, at para mapahusay ang aming mga produkto at serbisyo, maaaring pagsamahin ang impormasyong kinuha sa pamamagitan ng mga feature at serbisyo ng Microsoft sa telepono at ang impormasyong nakuha sa pamamagitan ng iba pang produkto at serbisyo ng Microsoft. Maaari din naming dagdagan ang impormasyong nakuha namin tungkol sa iyo mula sa

iyong telepono ng impormasyong nakuha sa mga third party.

## Pagkuha at Paggamit ng Pangunahing Impormasyon tungkol sa Iyong Telepono

Kapag nakaaktibo ang iyong telepono at gumagamit ka ng mga feature na gumagana sa Internet, ipapadala ang impormasyon tungkol sa iyong telepono ("karaniwang impormasyon ng device") sa Microsoft at/o sa mga website na binibisita mo at sa mga online na serbisyong ginagamit mo. Ginagamit ng Microsoft ang pangunahing impormasyon ng device sa pagpapatunay sa iyong telepono, sa pagbibigay sa iyo ng mga serbisyong gumagana sa Internet, sa pagtulong sa pag-troubleshoot, sa pagtulong sa pagpapahusay ng aming mga produkto at serbisyo, sa pagtulong sa pagpapanatiling napapanahon ng iyong software, at para sa analytics. Kung ang isang partikular na feature o serbisyo ay nagpadala ng impormasyon sa Microsoft, ipapadala rin ang pangunahing impormasyon ng device. Maaari kaming magbahagi ng data ng pagsasaaktibo sa aming mga kasosyo, gaya ng mga manufacturer ng telepono o mobile operator. Hindi gagamitin ang data na ito sa pakikipag-ugnayan sa iyo.

Karaniwan ay kasama sa pangunahing impormasyong ng device ang impormasyon gaya ng iyong IP address, bersyon ng operating system, bersyon ng browser, at mga setting na panrehiyon at ng wika. Sa ilang sitwasyon, maaaring may kasama rin itong bahagi ng iyong International Mobile Subscriber Identity (IMSI), International Mobile Equipment Identity (IMEI), mga natatanging ID na binuo namin para sa iyong telepono, at iba pang identifier ng telepono na tumutukoy sa manufacturer ng telepono, pangalan ng telepono, bersyon, at mobile operator. Para mapangasiwaan ang pagsingil ng mobile operator, at para sa seguridad, kung nag-set up ka ng account sa Microsoft mula sa iyong telepono, maaaring kailanganin din ng Microsoft na kumuha ng impormasyon gaya ng buong IMSI at numero ng teleponong nauugnay sa iyong telepono. Maaari din kaming magbahagi ng impormasyon kasama ang pamantayang impormasyon ng device sa mga mobile operator para sa mga layunin gaya ng pagsubok at diagnostics.

## Pagkuha at Paggamit ng Mga Kredensyal sa Telepono at Serbisyo

Para maging mas madali ang pag-access sa mga serbisyo, ang mga kredensyal sa pag-sign in para sa Microsoft at mga third-party na serbisyo ay maaaring iimbak sa iyong telepono. Maaari din naming suriin ang domain name ng mga e-mail address na ilalagay mo para matukoy kung mayroon kang mga nauugnay na account sa Office 365. Kung iuugnay mo ang isang account sa Microsoft sa iyong telepono, awtomatikong mase-save ang mga kredensyal na iyon (isang e-mail address at

password) sa iyong telepono. Sa ganitong paraan, hindi mo kakailanganing mag-sign in sa tuwing gagamit ka ng mga feature gaya ng Store at Xbox LIVE. Tingnan ang [Account sa Microsoft](#) seksyon sa ibaba.

Gaya nito, maaari ding i-save sa iyong telepono ang mga kredensyal sa pag-sign para sa mga third-party na serbisyo at Wi-Fi network. Depende sa serbisyo, ang mga kredensyal na ito ay maaaring isang aktwal na password o isang token, na parang elektronikong key na ibinigay ng third party na serbisyo na gumagana bilang kahalili ng isang password para sa pagpapatotoo. Sa ilang sitwasyon, maaari ding iimbak ang mga username at password sa mga server ng Microsoft kung pipiliin mong i-back up ang iyong nilalaman o i-sync ang iyong mga setting. Tingnan ang [Backup](#) at [I-sync ang Iyong Mga Setting](#) sa ibaba.

## Pagkuha at Paggamit ng Impormasyon ng Lokasyon

Sa Mga Windows Phone, tumutukoy ang "mga serbisyo sa lokasyon" sa software ng telepono at mga online na serbisyo na gumagamit ng data ng lokasyon para tulungan ang mga application o feature ng telepono, at ang mga website na binibisita mo, para magbigay ng mga pinahusay at naka-personalize na karanasan batay sa lokasyon ng iyong telepono. Ang database ng location positioning ng Microsoft ay isang online na serbisyo na nagkakalkula sa tinatayang lokasyon ng iyong telepono para tulungan ang mga serbisyo sa lokasyon na gumagana sa iyong telepono.

Kung io-on mo ang mga serbisyo sa lokasyon, magagawang i-access ng mga awtorisadong app, website, at feature ng Windows Phone ang lokasyon ng iyong telepono at gamitin ito. Kung gagamit ka ng third-party na app, napapasailalim ang paggamit nito sa lokasyon ng iyong telepono sa mga kasanayan sa pagiging pribado ng third party. Bago mo i-install ang isang app, makikita mo kung gumagamit ba ng lokasyon ang app sa paglalarawan ng app.

Kung papayagan mo ang isang app o feature na gamitin ang iyong lokasyon, matutukoy ng Windows Phone ang app kapag pumasok o lumabas ang iyong telepono sa mga heograpikong lokasyon na tutukuyin ng app na tinatawag na geofences. Halimbawa, mabibigyang-daan ka ng isang app na magtakda ng paalala na mamili kapag tapos ka nang magtrabaho. Makikita mo kung sinusubaybayan ng iyong telepono ang anumang geofences sa mga setting ng lokasyon.

Ang database ng location positioning ng Microsoft ay naglalaman ng limitadong impormasyon tungkol sa mga kalapit na access point ng Wi-Fi at cell tower na ginagamit namin para makatulong sa pagbibigay ng mga serbisyo sa lokasyon sa mas mahusay at mas epektibong paraan. Hindi kasama rito ang impormasyon na tumutukoy sa iyo o na ganap na tumutukoy sa iyong telepono, at hindi nito pinapayagan ang Microsoft na subaybayan ka o ang iyong telepono. Ang mga indibidwal na application o feature na pinili mong gamitin, at ang mga website na binibisita mo (kasama ang mga inaalok ng Microsoft), ay maaaring magpanatili ng impormasyon ng lokasyon na nauugnay sa

iyong account o telepono. Pakisuri ang mga patakaran sa pagiging pribado ng mga website, application, at feature na pinapayagan mong mag-access sa lokasyon ng iyong telepono para matuto tungkol sa kung paano ginagamit ng mga ito ang impormasyon ng lokasyon na hinihiling ng mga ito.

Bago magawang kunin ng Microsoft ang access point ng Wi-Fi at impormasyon ng cell tower na inilarawan sa ibaba, at bago ma-access ng isang application, feature, o website ang lokasyon ng iyong telepono, dapat mong payagan ang pag-access.

## Database ng Location Positioning

Kung papayagan mo ang isang application, feature, o website na i-access ang lokasyon ng iyong telepono, sa tuwing hihiling ito ng lokasyon, maaaring kunin ng database ng location positioning ng Microsoft ang impormasyon tungkol sa mga kalapit na cell tower, access point ng Wi-Fi, at makukuhang impormasyon ng Global Positioning System (GPS), at gamitin para makatulong sa pagtukoy sa tinatayang lokasyon ng iyong telepono at para sa pag-update at pagpapahusay sa database para sa mga kahilingan sa hinaharap.

Halimbawa, kung pinagana mo ang Wi-Fi sa iyong telepono, at pinayagan mo ang isang application o website na i-access ang lokasyon ng iyong telepono, ang mga address ng Media Access Control (MAC) at lakas ng signal ng mga access point ng Wi-Fi na magagamit ng iyong telepono ay maaaring kunin ng database ng location positioning ng Microsoft. Tulad nito, kung nakakonekta ka sa isang cellular network, maaaring kunin ang mga identifier at lakas ng signal ng mga cell tower na magagamit ng iyong telepono. Kung may magagamit ang GPS, maaaring kunin ang latitude, longitude, altitude, bilis, at direksyon ng teleponong ibinigay ng GPS.

Gagamitin ng database ng location positioning ng Microsoft ang impormasyong ito para magbalik sa application, feature, o website ng tinatayang lokasyon ng iyong telepono. Maaaring kasama sa impormasyon ng lokasyon na ibinigay ang latitude, longitude, bilis, direksyon, at altitude ng iyong telepono sa oras ng kahilingan. Hindi kasama rito ang matutukoy na impormasyon tungkol sa magagamit na mga cell tower o access point ng Wi-Fi, gaya ng mga MAC address, o identifier ng cell tower.

Maaari kaming gumamit ng mga third-party na database o serbisyo ng location positioning, gaya ng database ng Nokia, para magbigay ng pinahusay na location positioning sa iyong telepono. Halimbawa, kapag humiling ng lokasyon ang isang application sa iyong telepono, maaari din kaming mag-query sa database ng location positioning ng isang kasosyo para bigyang-daan ang iyong telepono na mas tumpak na matukoy ang lokasyon nito. Gaya ng sa database ng location positioning ng Microsoft, ang database ng kasosyo ay nakakatanggap ng impormasyon tungkol sa mga kalapit na cell tower at access point ng Wi-Fi at data ng GPS, pero hindi ito tatanggap ng

impormasyong makakapagtukoy sa iyo o makakapagtukoy sa iyong telepono sa natatanging paraan.

## Access sa Lokasyon ng Partikular na Application

Para gamitin ang mga serbisyo sa lokasyon, ang mga pangunahing serbisyo sa lokasyon ay dapat manatiling **Naka-on**. Kung ang mga pangunahing serbisyo ng lokasyon ay **Naka-off**, hindi kukuha ng impormasyon ang Microsoft tungkol sa mga kalapit na access point ng Wi-Fi at cell tower, at hindi magagamit ng mga application, feature, at website ang lokasyon ng telepono kahit na nilalayan mong payagan ang naturang paggamit sa partikular na pagkakataon. Para hindi paganahin ang access ng lahat ng application, feature, at website sa lokasyon ng iyong telepono, pumunta sa **Mga Setting > lokasyon** at i-toggle ang switch ng **Mga serbisyo sa lokasyon** sa **Naka-off**. Kung ita-toggle mo ang switch sa ibang pagkakataon ang pangunahing serbisyo ng lokasyon sa **Naka-on**, mare-restore ang iyong mga setting sa antas ng application (tingnan sa ibaba).

Bukod dito, bago magamit ng iyong telepono ang mga serbisyo sa lokasyon, dapat ka ring sumang-ayon na payagan ang isang partikular na application, feature, o website na i-access ang lokasyon ng iyong telepono. Kung napagana mo na ang access na ito, maaari mong hindi paganahin sa ibang pagkakataon ang access sa lokasyon ng iyong telepono sa mga setting ng application. Halimbawa, para hindi paganahin ang access ng application ng mapa sa lokasyon ng iyong telepono, maaari kang pumunta sa **Mga Setting > mga application > mapa** at i-toggle ang switch ng **gamitin ang aking lokasyon** sa **Naka-off**. Tandaan: Maaaring hindi lumapat ang feature na ito sa mga application mula sa mga third party na na-install mo sa telepono. Sa mga pagkakataong iyon, maaaring kailanganin mong i-uninstall ang application o i-off ang pangunahing mga serbisyo para hindi paganahin ang paggamit ng application sa lokasyon.

## Database ng Access Point ng Wi-Fi

Nagpapatili rin ang Microsoft ng isang direktoryo ng mga Wi-Fi network na magagamit ng publiko para matulungan ang mga gumagamit ng Windows Phone sa paghahanap at pag-navigate sa mga kilalang hotspot ng Wi-Fi. Ang database ng access point ng Wi-Fi ay batay sa impormasyong nakalap habang kumokonekta ang Mga Windows Phone sa mga hotspot at sa impormasyon na direktang nakuha ng Microsoft sa mga pampublikong operator ng Wi-Fi.

Makakatulong ka sa pagpapahusay sa feature na ito sa pamamagitan ng pagpapadala sa Microsoft ng limitadong impormasyon habang ginagamit mo ang iyong serbisyo ng Wi-Fi, kasama ang mga katangian ng iyong telepono gaya ng brand, modelo, mobile carrier, at iba pang pangunahing impormasyon ng device, pati na rin ang mga pangunahing identifier ng mga Wi-Fi network na

natutukoy ng iyong telepono. Natutulungan kami ng impormasyon na ito sa pag-aaral sa mga ideya kaugnay ng paraan ng paggamit sa mga hotspot at alin ang malamang na pinakamainam para sa ilang partikular na uri ng device, pero hindi ito partikular na ginagamit sa pagtukoy sa iyo o sa iyong device. Maaari mong i-on ang feature na ito sa pamamagitan ng pagpili sa **Mga inirerekomendang setting** kapag sine-set up ang iyong telepono o, kung pipiliin mo ang mga custom na setting, sa pamamagitan ng pagpapagana sa **Ipadala ang impormasyon tungkol sa mga koneksyon sa Wi-Fi para makatulong sa pagtuklas kalapit na Wi-Fi**. Maaari mo ring palitan ang setting na ito anumang oras sa **Mga Setting > system > Wi-Fi > pamahalaan**.

## Pag-opt-out sa Access Point ng Personal na Wi-Fi

Kung mayroon kang access point sa Wi-Fi o router at ayaw mo itong isama sa database ng location positioning ng Microsoft o database ng pampublikong access point ng Wi-Fi, maaari mong isumite ang MAC address sa block list ng Microsoft [go.microsoft.com/fwlink/?LinkID=223681](https://go.microsoft.com/fwlink/?LinkID=223681). Hindi namin isasama ang mga MAC address na ito at ang anumang nauugnay na data mula sa mga database. Hindi rin namin ipapasa ang mga MAC address na isinumite sa pamamagitan ng prosesong ito sa mga query sa mga kasosyo sa database ng location positioning kapag ginamit namin ang mga naturang kasosyo.

## Pagbabahagi ang Iyong Lokasyon sa Pag-activate

Makakatulong ka sa Microsoft na matuto tungkol sa kung saan sine-set up ng mga tao ang kanilang Mga Windows Phone para pahusayin ang aming mga produkto at serbisyo sa pamamagitan ng pagpapadala sa iyong lokasyon kapag isinaaktibo mo ang iyong telepono. Kung pipiliin mong lumahok, ipapadala ang mga coordinate ng GPS ng iyong telepono at isang identifier ng device sa Microsoft kapag tapos ka nang sa proseso ng pag-setup. Kung hindi makakonekta ang iyong telepono sa GPS, gagamitin namin ang mga serbisyo sa lokasyon ng Microsoft para matantya ang iyong lokasyon. Gagamitin ng mga serbisyong ito ang cellular data, na maaaring pagmulan ng mga pagsingil. Ipapadala lang ng checkbox na ipapakita habang ipinoproceso ang pag-set up ang impormasyong ito sa oras ng pag-activate, at maaari mong piliin na alisan ng check ang kahon at huwag ipadala ang impormasyong ito.

## Impormasyong Ibinabahagi Namin sa Iba

Maliban na lang sa inilarawan sa pahayag ng pagiging pribadong ito, hindi ipapadala ang iyong impormasyon sa mga third party (mga subsidiary at affiliate na hindi Microsoft) nang walang pahintulot mula sa iyo. Pana-panahon naming kukunin ang sebisyo ng ibang kumpanya para

magbigay ng mga limitadong serbisyo sa ngalan namin, gaya ng pagpapadala at paghahatid ng mga binili at iba pang sulat, pagsagot sa mga tanong ng customer tungkol sa mga produkto o serbisyo, pagpoproseso sa pagpaparehistro ng kaganapan, o pagsasagawa ng pang-istatistikang pagsusuri sa aming mga serbisyo. Ibibigay lang namin sa mga kumpanyang iyon ang impormasyong kailangan nila para sa pagbibigay ng serbisyo, at pinagbabawalan silang gamitin ang impormasyong iyong para sa anumang iba pang layunin.

Maaaring i-access o ibunyag ng Microsoft ang impormasyon tungkol sa iyo, kasama ang nilalaman ng mga pakikipag-ugnayan mo, para: (a) sumunod sa batas o tumugon sa mga kahilingang naaayon sa batas o legal na proseso; (b) protektahan ang mga karapatan o ari-arian ng Microsoft o ng aming mga customer, kasama ang pagpapatupad ng ating mga kasunduan o ng mga patakarang sumasaklaw sa paggamit mo sa mga serbisyo; o (c) kumilos ayon sa mabuting paniniwala na ang naturang pag-access o pagbubunyag ay kinakailangan para protektahan ang personal na kaligtasan ng mga empleyado at customer ng Microsoft, o ng publiko. Maaari din naming ibunyag ang iyong impormasyon bilang bahagi ng isang pangnegosyong transaksyon gaya ng pagsasama o pagbebenta ng mga asset.

## Mga Bata

Hindi nakalaan ang Windows Phone para sa paggamit ng mga bata nang walang pahintulot ng magulang. Depende sa bansa, maaari kaming humiling ng pahintulot ng magulang para gumawa ng account sa Microsoft para sa isang batang wala pang 13 taong gulang (mas matanda sa ilang hurisdiksyon). Kapag ibinigay mo ang iyong permiso na gumawa ng account sa Microsoft, mabibigyang-daan ang iyong anak na gumamit ng anumang serbisyo ng Microsoft na nakadepende sa account sa Microsoft, at marami sa mga serbisyong iyon ay nangangailangan ng pagkuha ng ilang partikular na personal na impormasyon at iba pang impormasyon, at maaaring mabigyang-daan ang isang bata na makipag-ugnayan sa iba. Maaaring palitan o bawiin ng mga magulang ang pahintulot sa pamamagitan ng pagbabago sa mga setting ng account ng kanilang anak mula sa sarili nilang account sa Microsoft. Para matuto pa tungkol sa mga account sa Microsoft, pakitingnan ang [Account sa Microsoft](#) sa ibaba.

## Pagpapakita ng Advertising

Ang ilang website na binibisita mo, at ang ilang application na na-download mo mula sa Store, ay maaaring magpakita ng mga advertisement gamit ang advertising platform ng Microsoft – kasama ang mga naka-personalize na ad na sa tingin namin ay magugustuhan mo. Maaari ding gumamit ang Microsoft Advertising ng mga third-party na kumpanya ng ad para magpakita ng mga advertisement sa mga application na gumagamit ng aming ad platform. Kapag ginawa namin ito,

maaari kaming magpadala ng natatanging ID sa mga third-party na iyon na may kahilingan ng ad.

**Maaari kang mag-opt out sa pagtanggap ng mga naka-personalize na ad mula sa Microsoft Advertising, at huminto sa patuloy na pagpapadala ng natatanging ID sa mga third party na ad network na ginagamit ng Microsoft Advertising, sa pamamagitan ng pagbisita sa aming [page para sa pag-opt out](#).** Mag-sign in lang sa account sa Microsoft na inugnay mo sa iyong Windows Phone at na ginagamit mo sa pag-access sa Store, at piliin ang **Mga naka-personalize na ad kahit saan ko gamitin ang aking account sa Microsoft** opsyon sa pag-opt out. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano kumukuha at gumagamit ng impormasyon ang Microsoft Advertising, pakitingnan ang [Pahayag ng Pagiging Pribado ng Microsoft Advertising](#). Pagkatapos mong mag-opt out sa naka-personalize na advertising, makakatanggap ka ng mga generic na ad sa halip na mga naka-personalize na ad mula sa Microsoft Advertising. Maaari ding gumamit ang mga website na binibisita mo, at ang mga application na na-download mo mula sa Store, ng mga advertising platform maliban sa Microsoft Advertising platform. Sa mga pagkakataong iyon, walang kontrol ang Microsoft sa mga aktibidad ng iba pang ad network. Inirerekomenda ng Microsoft na suriin mo ang mga patakaran at kasanayan sa pagiging pribado ng mga application na nagpapakita ng advertising para matuto pa tungkol sa impormasyong ipinapasa nila sa mga ad network, kasama ang mga ad network maliban sa advertising platform ng Microsoft, at anumang karagdagang kontrol sa application kaugnay ng pagpapakita ng advertising. Maaaring magbigay ang iyong telepono ng natatanging identifier sa mga app para mabigyang-daan silang magbigay ng mas nauugnay na advertising. Para matuto pa, tingnan ang seksyon na **Identifier ng Advertising**.

## Paano Kami Nakikipag-ugnayan sa Iyo

Kapag nag-sign in ka sa, o gumawa ng, account sa Microsoft, hihilingin namin ang iyong email address at pahintulot na padalhan ka ng email na nauugnay sa mga tip at impormasyon. Maaari kaming magpadala ng ilang partikular na mandatoryong serbisyo sa pakikipag-ugnayan gaya ng mga welcome email (na naglalayong tulungan ka sa pagsisimula sa paggamit ng iyong telepono), mga paalala sa pagsingil, impormasyon sa mga teknikal na isyu sa serbisyo, at mga pahayag sa seguridad sa email address na ibinigay mo noong ginagawa ang iyong account sa Microsoft— kahit na pinili mong hindi makatanggap ng mga patuloy na email na nauugnay sa mga tip at impormasyon. Maaari din naming kailanganing magpadala ng mga abiso sa seguridad o kumpirmasyon sa pag-reset ng password sa numero ng teleponong nauugnay sa iyong telepono.

Kung nakatanggap ka ng mga pampromosyong email mula sa amin at gusto mong ihinto ang pagtanggap ng mga iyon sa hinaharap, maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng pagsunod sa mga direksyon sa mensaheng iyon. Maaari mo ring direktang pamahalaan ang mga kagustuhan sa komunikasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa page ng Microsoft [Mga Kagustuhan sa Pakikipag-](#)

ugnayan.

## Pag-imbak at Paglipat ng Impormasyon

Maaaring iproseso at iimbak ang impormasyong nakolekta ng, o ipinadala sa, Microsoft sa pamamagitan ng Windows Phone sa Estados Unidos o sa anumang bansa kung saan nagpapanatili ng mga pasilidad ang Microsoft o ang mga affiliate, subsidiary, o service provider nito. Sumusunod ang Microsoft sa U.S.-EU Safe Harbor Framework at sa U.S.-Swiss Safe Harbor Framework ayon sa itinakda ng U.S. Department of Commerce kaugnay ng pagkuha, paggamit, at pagpapanatili ng data mula sa European Economic Area, at Switzerland. Para matuto pa tungkol sa programang Safe Harbor, at para makita ang aming sertipikasyon, pakibisita ang [www.export.gov/safeharbor/](http://www.export.gov/safeharbor/).

## Seguridad ng Iyong Impormasyon

Nakatuon ang Microsoft sa pagtulong sa pagprotekta sa seguridad ng iyong impormasyon. Gumagamit kami ng iba't ibang teknolohiya at pamamaraan sa seguridad para makatulong sa pagprotekta laban sa hindi awtorisadong pag-access, paggamit, o pagbubunyag. Halimbawa, iiimbak namin ang impormasyong ibinigay mo sa mga computer system na may limitadong access, na matatagpuan sa mga kontroladong pasilidad.

Lubos naming inirerekomenda na magsagawa ka ng mga hakbang para protektahan ang impormasyon sa iyong telepono sa pamamagitan ng paggamit sa feature na password ng lock screen. Binibigyang-daan ka ng feature na ito na manghingi ng password para ma-access ang karamihan sa mga application at impormasyon sa iyong telepono kapag naka-lock. Para i-on ang feature na ito, pumunta sa **Mga Setting > system > lock screen** at i-toggle ang password sa **Naka-on**. Maaari mo ring itakda ang panahon ng kawalan ng aktibidad bago mag-time out ang iyong screen at kusang mag-lock. Kapag nag-set up ka ng wallet sa iyong telepono, maaari mo ring piliin na protektahan ito gamit ang isang "Wallet PIN." Tingnan ang [Wallet](#) para sa higit pang impormasyon.

Kung gagawa ka ng account ng kumpanya na nagbibigay sa iyo ng access sa pangkumpanyang email o mga application, maaaring maglapat ang enterprise ng mga patakaran sa iyong telepono na nangangailangan o nagbabago sa feature na password ng lock screen. Tingnan ang [Email + Mga Account](#) para sa higit pang impormasyon. Maaari ding maglapat ang iyong administrator ng BitLocker® Phone Encryption. Kung nawala o nanakaw ang iyong telepono, at kung na-lock mo ang iyong telepono gamit ang isang password, ginagawang mas mahirap ng BitLocker encryption para sa isang attacker na mag-recover ng sensitibong impormasyon mula sa telepono. Pakitandaan na kahit na gingamit ang BitLocker, hindi naka-encrypt ang data na nakaimbak sa mga SD card (mga natatangal na memory card na ipinapasok mo).

# Mga Pagbabago sa Pahayag ng Pagiging Pribado na Ito

Pana-panahon naming ia-update ang pahayag ng pagiging pribado na ito para ilapat ang mga pagbabago sa aming mga produkto at serbisyo, at para linawin ang aming mga kasanayan batay sa karanasan at feedback ng customer. Kapag gumawa kami ng mga pagbabago, babaguhin namin ang petsa kung kailan "huling na-update" sa itaas ng pahayag na ito. Kung may malalaking pagbabago sa pahayag na ito o sa kung paano gagamitin ng Microsoft ang iyong impormasyon, aabisuhan ka namin sa pamamagitan ng pagpo-post ng madaling makitang abiso ng mga naturang pagbabago bago ipatupad ang pagbabago o sa pamamagitan ng direktang pagpapadala sa iyong notification. Hinihikayat ka namin na pana-panahong basahin ang pahayag ng pagiging pribado na ito para malaman mo kung paano kinukuha, ginagamit, at pinoprotektahan ng Microsoft ang iyong impormasyon.

## Para sa Higit Pang Impormasyon/Mga Kahilingan sa Access

Ikinasisiya ng Microsoft ang iyong mga komento kaugnay ng pahayag ng pagiging pribado na ito. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pahayag na ito, magtiwala na hindi kami umaayon dito, o hindi namin gustong humiling ng access sa impormasyon na nakolekta namin tungkol sa iyo, mangyaring makipag-ugnayan sa amin gamit ang aming [web form](#) web form o gamitin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na ibinigay sa ibaba.

Microsoft Privacy Microsoft Corporation One Microsoft Way Redmond, Washington 98052 USA

## Mga App ng Accessory

Ang mga accessory ay mga device na nakikipag-ugnayan o nagsi-sync sa iyong telepono. Ang mga halimbawa ng mga device na maaaring maging mga accessory ay mga smart watch, smart cover, fitness tracker, at alarm clock.

Ang ilang accessory ay may kakayahang makatanggap ng mga notification mula sa iyong telepono, na maaari nilang ipakita sa accessory na device. Maaaring kasama sa mga notification ang impormasyon gaya ng sumusunod:

- Mga notification sa pagtawag sa telepono, kasama ang caller ID

- Mga SMS message, kasama ang nagpadala at text body
- Mga Paalala
- Mga Alarma
- Mga notification mula sa mga third-party na app
- Mga mensahe sa email
- Metadata sa pag-playback ng media

Kasama sa mga notification ang alerto na sumapit na ang kaganapan, pero kasama rin ang data na nauugnay dito -- halimbawa, ang text body ng SMS o mga detalye ng paalala sa kalendaryo. Nagbibigay ang functionality na ito ng paraan na habang napapanatili mo sa iyong bulsa o bag ang iyong telepono, nakukuha mo pa rin ang impormasyon ng notification ng telepono sa iyong nakakonektang accessory.

Natatanggap ng mga accessory ang mga notification sa pamamagitan ng isang app ng accessory na tumatakbo sa background ng iyong telepono. Napapasailam ang paraan ng paggamit ng isang app ng accessory sa data ng iyong notification, gaya ng nilalaman ng mga text mo, sa mga kasanayan sa pagiging pribado ng third party.

Ang manufacturer ng iyong telepono ay maaaring magbigay ng paunang naka-install na app ng accessory para suportahan ang mga smart cover. Binibigyang-daan ka ng isang smart cover na makipag-ugnayan sa iyong telepono habang nakasara ang cover at naka-lock ang iyong telepono. Halimbawa, maaari nitong ipakita ang oras o ang iyong mga notification. Kapag mayroon kang smart cover na nakakabit sa iyong device, awtomatikong papayagan ang app ng accessory na tumanggap ng mga notification mula sa iyong telepono. Maaari mong palitan ang setting na ito anumang oras.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Para baguhin kung matatanggap ng isang app ng accessory ang iyong mga notification:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga app ng accessory**.
2. Hanapin ang app ng accessory kung saan mo gustong paganahin o hindi paganahin ang mga notification, at i-toggle ang switch sa **Naka-on** o **Naka-off**.

## Identifier ng Advertising

Para magbigay ng mas nauugnay na advertising, binibigyang-daan ng Windows Phone ang mga app

na i-access ang isang natatanging identifier para sa bawat may-ari ng isang device. Maaari mong i-reset o i-off ang access sa identifier na ito anumang oras sa ilalim ng id ng advertising sa mga setting. Kung i-off mo ang setting na ito, walang ipapadalang impormasyon sa mga app na humihiling ng iyong identifier ng advertising. Kung magsa-sign in ka gamit ang isang pambatang account sa Microsoft, hindi gagana ang identifier ng advertising. Kung papayagan mo ang mga app na i-access ang identifier ng advertising, ibibigay ito ng Windows Phone sa lahat ng app na hihiling dito. Maaaring iimbak o i-transmit ng mga app ang impormasyong ito. Gagamitin ng mga developer ng app at advertising network ang iyong identifier ng advertising para magbigay ng mas nauugnay na advertising sa iyo sa pamamagitan ng pag-unawa sa kung aling mga app ang ginagamit mo at kung paano mo ginagamit ang mga ito. Maaari din itong gamitin ng mga developer ng app sa pagpapahusay sa kalidad ng serbisyo sa pamamagitan ng pagpayag sa mga ito na tukuyin ang dalas at pagiging epektibo ng mga ad at para tukuyin ang panlilinlang at mga isyu sa seguridad. Kung gagamit ka ng isang third-party na app, napapasailalim ang paraan ng paggamit ng app sa iyong identifier ng advertising sa mga kasanayan sa pagiging pribado ng third party.

Ang ilang website na binibisita mo, at ang ilang application na na-download mo mula sa Store, ay maaaring magpakita ng mga advertisement gamit ang advertising platform ng Microsoft – kasama ang mga naka-personalize na ad na sa tingin namin ay magugustuhan mo. Para matuto tungkol sa Microsoft Advertising at sa iyong mga pagpipilian, tingnan ang seksyon na [Pagpapakita ng Advertising](#).

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Kung pipiliin mo ang mga mabilisang setting habang nagse-set up ng Windows Phone, papayagan ng Windows Phone ang mga app na gamitin ang iyong identifier ng advertising. Pagkatapos i-set up ang Windows Phone, maaari mong palitan ito sa ilalim ng id ng advertising sa mga setting.

Para i-on o i-off ang ID ng advertising:

1. Pumunta sa Mga Setting > system > id ng advertising.
2. I-toggle ang switch ng **ID ng Advertising** sa **Naka-on** o **Naka-off**.

Para i-reset ang iyong ID ng advertising:

1. Pumunta sa Mga Setting > system > id ng advertising.
2. I-tap ang button na **I-reset ang iyong ID ng advertising**.

## **Mga Gawain sa Background**

Para maging mas mabilis ang paglulunsad at pagpapalit ng mga application, maaaring patuloy na tumakbo ang ilang partikular na app sa background kahit na hindi nakabukas ang mga ito sa iyong

telepono. Halimbawa, ang isang app ay maaaring pana-panahong mag-update ng lokasyon nito o mag-download ng impormasyon mula sa web para magamit ito kapag binuksan mo ito.

Makakakita ka ng listahan ng mga app na tumatakbo sa background sa iyong telepono sa pamamagitan ng Mga Setting. Ang ilang app ay nagbibigay ng opsyon na i-on o i-off ang kakayahan ng mga itong tumakbo sa background, pero maaaring hindi sa lahat ng app ay magawa mong hindi paganahin ang kakayahang ito. Sa ganitong sitwasyon, maaari mong alisin ang app sa iyong telepono kung hindi mo ito gustong tumatakbo sa background.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Para makita ang lahat ng app sa iyong telepono na tumatakbo sa background:

1. Pumunta sa **Mga Setting > system > saver ng baterya > paggamit**. Ang mga app na may markang **pinapayagan** ay maaaring tumakbo sa background.

Para piliin kung ang isang app ay maaaring tumakbo sa background:

1. Pumunta sa **Mga Setting > system > saver ng baterya > paggamit**.
2. Mag-tap sa app na gusto mong i-block sa pagtakbo sa background.
3. Itakda ang switch na **Payagan ang app na tumakbo sa background** sa **Naka-on** o **Naka-off**.

## **Backup**

Kapag nag-sign in ka sa account sa Microsoft sa iyong telepono, maaari mong piliin na awtomatikong i-save ang ilang partikular na nilalaman at setting sa mga server ng Microsoft para magkaroon ka ng backup kung sakaling may mangyaring hindi inaasahan o kung magpalit ka ng telepono. Itatanong sa iyo kung gusto mong "i-back up ang nilalaman ng iyong telepono" habang sine-set up ang telepono. Sa iisang seleksyong ito, maaari mong i-on ang mga awtomatikong pag-upload ng mga larawang may limitadong resolution sa OneDrive habang kinukuha mo ang mga ito, ang patuloy na pag-sync ng iyong mga SMS at MMS message sa iyong account sa Outlook.com, at ang paggawa ng mga pang-araw-araw na backups mula sa iyong telepono. Kasama sa mga pang-araw-araw na backup ang isang listahan ng mga app na na-install mo, data mula sa mga app na sumusuporta sa backup, at marami sa mga setting ng iyong telepono, gaya ng iyong tema ng kulay, mga password na na-save mo, ang mga paborito mo sa Internet Explorer, ang mga salitang idinagdag mo sa diksyunaryo ng iyong telepono, ang mga ringtone mo, at higit pa.

Pagkatapos ng iyong paunang pag-set up ng telepono, maaari mo ring pamahalaan ang mga setting ng iyong backup. Halimbawa, maaari mong piliin na mag-upload ng mga video sa OneDrive bukod

pa sa iyong mga larawan, o piliin kung maba-back up ba o hindi ang data ng app.

Kung io-on mo ang mga pag-backup, susubukan ng iyong telepono na mag-save ng backup ng mga setting mo isang beses bawat araw (karaniwan ay sa paglipas ng gabi) gamit ang isang koneksyon sa Wi-Fi. Gayunpaman, kung hindi kumonekta sa Wi-Fi ang iyong telepono sa loob ng isang linggo, susubukan nitong magpadala ng backup gamit ang isang koneksyon sa cellular data na napapasailalim sa mga setting ng iyong Data Sense (na nagbigbigay-daan sa iyo na pamahalaan ang paggamit mo ng data batay sa iyong plano ng data). Para makatulong sa pagprotekta sa iyong pagiging pribado, ipapadala ang lahat ng backup nang naka-encrypt sa pamamagitan ng SSL.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Para i-on ang pag-backup habang sine-setup ang telepono, piliin ang oo kapag na-prompt kaugnay ng kagustuhan mong "i-back up ang nilalaman ng iyong telepono."

Para palitan ang alinman sa mga setting ng iyong backup at ang mga opsyon anumang oras:

1. Pumunta sa **Mga Setting > system > backup.**
2. Mag-tap sa **mga app+setting**, mga text message, o **mga larawan+video**, at sundin ang mga prompt sa screen para sa mga tagubilin at opsyon.

Para magtanggal ng mas lumang backup ng app + setting (hindi nito maaapektuhan ang mga mensahe o larawan at video, na dapat pamahalaan mula sa Hotmail/Outlook at OneDrive, sa ganitong pagkakasunud-sunod):

1. Pumunta sa **Mga Setting > system > backup > mga app + setting.**
2. I-tap ang button na **pamahalaan ang mga backup.**
3. I-tap ang button na **tanggalin.**

Tingan ang [Pagmemensahe](#) at [Mga Larawan + Camera](#) para sa higit pang detalye sa mga feature na iyon.

Tandaan na kung magsa-sign in ka sa isang account sa Microsoft, ang ilang setting ng telepono at iba pang impormasyon gaya ng mga password ay masi-sync sa mga server ng Microsoft at sa iba mo pang Windows device bilang default. Para matuto pa tungkol sa iyong mga pagpipilian sa mga setting at impormasyon ng pag-sync, tingnan ang seksyon na **Mga setting ng pag-sync.**

## Kalendaryo

Tinutulungan ka ng app na Kalendaryo na subaybayan ang iyong mga appointment, kaganapan, at gawain. Maaari kang direktang magdagdag, magtanggal, o magbago ng mga kaganapan sa

kalendaryo sa app na Kalendaryo. Kung nagdagdag ka ng isang third-party na account sa ilalim ng **email+mga account** sa Mga Setting, lalabas ang impormasyon ng kalendaryo mula sa account sa app na Kalendaryo. Magagawang basahin o baguhin ng ilang app sa iyong telepono ang iyong kalendaryo, o magbigay ng sariling impormasyon ng kalendaryo na lalabas sa app na Kalendaryo.

Kung papayagan mo ang Kalendaryo na gamitin ang lokasyon ng iyong device, ipapakita rin nito ang pang-araw-araw na pagtataya sa lagay ng panahon kung mayroon.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Para piliin kung magagamit ng app na Kalendaryo ang iyong lokasyon:

1. Buksan ang Kalendaryo at piliin ang **mga setting** sa menu sa ibaba.
2. Lagyan ng check o alisan ng check ang checkbox na **Gamitin ang aking lokasyon**.

## Cortana

Ang Cortana ay parang isang personal na assistant sa iyong telepono, naroon para makatulong na gawing mas madali ang mga bagay-bagay sa iyong araw at sa iyong telepono. Masusubaybayan ng Cortana ang mga bagay na gusto mo, na nagbibigay-daan sa iyong magkaroon ng oras para sa sarili kapag gusto mo, at tinutulungan ka nitong gumawa ng mga bagay sa iyong telepono nang mas mabilis, gaya ng pagdaragdag ng anumang bagay sa kalendaryo mo, pagtawag, paggawa ng note, pagtatakda ng mga alarma, at ilan pang bagay. Mabibigyan ka rin nito ng mga naka-personalize na paalala, mungkahi, resulta ng paghahanap, rekomendasyon, at iba pa. Sabihin sa Cortana na hindi mo gustong tumanggap ng tawag sa susunod na oras maliban na lang kung galing ito sa isang taong itinakda mo, at hindi ka nga makakatanggap ng tawag maliban doon. Gamitin ang Cortana para malaman kung may anumang bagay na nakaiskedyul kang gawin sa susunod na Martes nang 4:00. Nakakatulong ang Cortana sa maraming paraan. Maaari mong i-off ang Cortana anumang oras—tingnan ang **Iyong Mga Opsyon** sa ibaba.

Gagana sa pinakamahasag na paraan ang Cortana kung makikilala ka nito at malalaman nito ang mga aktibidad mo sa pamamagitan ng paggamit sa impormasyon sa iyong telepono, sa iyong account sa Microsoft, sa mga third-party na serbisyo, at sa iba pang app at serbisyo ng Microsoft. Nagbibigay din ang Cortana ng mga naka-personalize na rekomendasyon ng app sa Store. Para makapagbigay ng mga naka-personalize na karanasan, nauugnay na mungkahi, at para pahusayin ang Cortana at iba pang serbisyo, kumukuha at gumagamit ng iba't ibang uri ng impormasyon ang Microsoft, gaya ng lokasyon ng telepono mo, impormasyon mula sa iyong kalendaryo, mga app na ginagamit mo, partikular na impormasyon mula sa iyong mga email at text message, at ng iyong mga contact. Natututo rin ang Cortana tungkol sa iyo sa pamamagitan ng pagkuha ng impormasyon tungkol sa kung paano mo ginagamit ang iyong telepono, gaya ng musikang pinapatugtog mo sa

iyong telepono, ng mga setting ng alarma mo, kung naka-on ang lock screen, kung ano ang tinitingnan mo at kung ano ang binibili mo sa Store, at higit pa. Gagamitin ng Microsoft ang impormasyon na makukuha sa pamamagitan ng Cortana para i-personalize at pahasayin ang iba pang produkto at serbisyo ng Microsoft.

Maaari mong ma-access ang Cortana sa tatlong paraan:

- Pindutin ang Button sa paghahanap—makikita mo ang Cortana na bumabati sa iyo. Mag-swipe pataas para makita ang mga interes mo, o i-tap ang mikropono para makipag-usap sa kanya.
- I-tap ang Cortana Tile sa screen ng Simula—ididirekta ka nito sa mga interes na inihanda ng Cortana para sa iyo.
- Pindutin nang matagal ang Button sa paghahanap—magiging aktibo ang Cortana anuman ang ginagawa mo sa telepono mo, kahit na naka-lock ang telepono. Maaari mong palitan ang setting na ito anumang oras.

## Mga serbisyo sa lokasyon

Ginagamit ng Cortana ang impormasyon ng lokasyon para bigyan ka ng mga pinakanauugnay na resulta kung may hihilingin kang bagay, at para magbigay ng mga mungkahi na makakatulong sa pagtitipid ng oras. Magagawang matutunan ng Cortana kung aling mga ruta ang karaniwang ginagamit mo sa pagbiyahe at magbigay ng mga update tungkol sa trapiko sa mga rutang iyon para makaalis ka sa tamang oras at makaabot sa susunod mong appointment. Kung sasabihin mo sa Cortana na paalalahanan kang bumili ng gatas sa grocery store, aalamin ng Cortana ang iyong lokasyon at ipapaalala ito sa iyo kapag nasa grocery ka na. O maaari mong hilingin sa Cortana na hanapan ka ng kalapit na restaurant na tumatanggap ng mga pagpapareserba. Para maibigay ang serbisyong ito, regular na kukunin ng Cortana ang lokasyon ng iyong telepono at ipapadala ito sa Microsoft. Kung nakapagbigay ka na noon sa Microsoft ng permiso na kunin ang iyong lokasyon sa iba pang serbisyo ng Microsoft gaya ng Local Scout o Bing, maaari ding gamitin ito ng Cortana para bigyan ka ng magagandang mungkahi. Gagana lang ang Cortana kung [mga serbisyo sa lokasyon](#) naka-on ito, kaya kung io-off mo ito, hindi na gagana ang Cortana. Maaari mong pamahalaan ang iyong mga naka-save na lugar na ginagamit ng Cortana—tingnan ang **Iyong Mga Opsyon** sa ibaba.

## Mga text message at email

Kayang tukuyin ng Cortana ang mga oras at petsa sa mga email at text message para madali kang makapagdagdag ng mga kaganapan sa iyong kalendaryo. Halimbawa, kung nakakuha ka ng text

message na nagsasabing “magkita tayo para sa hapunan nang 7pm sa Sabado,” maaari mong i-tap ang naka-underline na link para magdagdag ng kaganapan gamit ang mga detalyeng iyon sa iyong kalendaryo. Nangyayari lang ang pagtukoy na ito sa iyong telepono—hindi ipapadala ang naturang impormasyon sa Microsoft hanggang sa idagdag mo ang kaganapan sa kalendaryo.

Kaya rin ng Cortana na awtomatiko kang panatilihing napapanahon sa mga bagay na mahalaga sa iyo. Halimbawa, kapag nakatanggap ka ng mensahe na naglalaman ng impormasyon ng flight o ng isang package tracking number, awtomatikong sisimulan ng Cortana na subaybayan ang flight o package para sa iyo at bibigyan ka nito ng mga update kaugnay ng status ng flight o delivery. Maaari kang makatanggap ng mga alerto kung naantala ang flight, o kapag dumating na ang iyong package. Natutukoy ng Cortana ang impormasyong ito sa mga mensaheng natatanggap sa iyong telepono. Maaari mong hindi paganahin ang pagtukoy sa impormasyong ito sa Mga Setting.

## Pagsasalita

Para matulungan ang Cortana sa pag-unawa sa iyong paraan ng pagsasalita at mas maunawaan ang iyong mga voice command, nagpapadala ang Cortana ng data ng pananalita sa Microsoft para bumuo ng mga naka-personalize na modelo ng pananalita at pahusayin ang pagkilala sa pananalita para sa Cortana at iba pang produkto at serbisyo ng Microsoft. Kasama sa data ng pananalita na ipinapadala sa Microsoft ang mga record ng boses, pati na rin ang nauugnay na data ng pagganap (gaya ng mga pagbabagong manu-mano mong ginawa sa text at sa panghuling resulta ng text). Kumukuha at gumagamit din ang Cortana ng iba pang impormasyon, gaya ng mga pangalan ng iyong mga contact, kung gaano kadalas ka tumatawag sa mga taong iyon, ang mga pamagat ng mga kaganapan mo sa kalendaryo, at ang mga salitang idinagdag mo sa diksyunaryo.

## Paggamit sa Cortana kapag naka-lock ang iyong telepono

Kapag pinindot mo nang matagal ang Button sa paghahanap, magiging aktibo ang Cortana, kahit naka-lock ang iyong telepono. Magagawang kumpletuhin ng Cortana ang ilang gawain sa ngalan mo nang hindi kinakailangang ilagay ang password mo sa lock screen. Halimbawa, nang hindi in-unlock ang iyong telepono, maaari kang tumawag sa mga tao sa mga contact mo, magpadala ng mga text, tingnan o baguhin kung ano ang nasa kalendaryo mo, o magtakda ng alarma. Para matulungan kang tapusin ang mga gawaing ito, maaaring magpakita ang Cortana ng ilang personal na impormasyon habang naka-lock ang iyong telepono, gaya ng mga kaganapan mo sa kalendaryo o ang pangalan ng isang contact na pinapatawagan mo rito. Kung hindi mo gustong tumugon ang Cortana sa mga voice command habang naka-lock ang iyong telepono, maaari mong baguhin ang setting na ito anumang oras; tingnan ang **Iyong Mga Opsyon** sa ibaba.

# Mga app at serbisyo

Gumagamit ang Cortana ng data na nakuha mula sa iba pang app at serbisyo ng Microsoft para magbigay ng mga naka-personalize na mungkahi. Halimbawa, maaaring awtomatikong magpakita ang Cortana ng impormasyon tungkol sa mga pangkat na sinusubaybayan mo sa Bing Sports app. Natututunan din nito ang mga paborito mong lugar mula sa Bing Maps app at kung ano ang ginagawa mo sa Local Scout para mabigyan ka nito ng mas magagandang mungkahi. Ang iyong Notebook Interests ay maaari ding gamitin ng iba pang App at Serbisyo ng Microsoft, gaya ng Bing o Bing Apps, para ipasadya rin ang mga interes, kagustuhan, at paborito sa profile mo sa Mga App na iyon. Sa pamamagitan ng pagpili na mag-sign in sa Facebook sa mga setting ng Cortana, nagagawa ng Cortana at Bing na bigyan ka ng mga mas naka-personalize na rekomendasyon at binibigyang-daan nito ang Microsoft na i-access ang ilang partikular na impormasyon sa Facebook. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang seksyon na Pag-personalize sa Facebook ng pahayag ng pagiging pribado ng Bing sa [dito](#).

## kasaysayan sa pag-browse

Kung pipiliin mong ipadala ang kasaysayan ng iyong pagba-browse sa mobile sa Microsoft sa Internet Explorer (tingnan ang seksyon na [Internet Explorer](#) ), maaaring magbigay ang Cortana ng mga mungkahi batay sa mga site na binibisita mo sa Internet Explorer. Hindi kukuha ang Cortana ng impormasyon tungkol sa mga site na binibisita mo sa mga InPrivate na tab.

## Kasaysayan ng paghahanap

Ang iyong mga query ng paghahanap sa Bing – kahit na Cortana ang nagsasagawa ng paghahanap para sa iyo – ay itinuturing bilang mga karaniwang query ng paghahanap sa Bing at isinasama sa iba pang impormasyon tungkol sa iyo para pahusayin ang mga resulta ng paghahanap mo sa Bing at gawing mas nauugnay ang mga naka-personalize na ad. Maaari kang mag-opt out sa mga naka-personalize na ad mula sa Microsoft sa pamamagitan ng pagbisita sa [choice.microsoft.com](http://choice.microsoft.com). Para sa higit pang impormasyon, basahin ang pahayag ng pagiging pribado ng Bing sa [go.microsoft.com/fwlink/?LinkID=298739](http://go.microsoft.com/fwlink/?LinkID=298739).

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Kung magagamit ang Cortana sa iyong bansa o rehiyon, maaari mong piliing i-on ito habang sine-set up ang iyong telepono o sa anumang oras. Para i-on o i-off ang Cortana:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > Cortana.**
2. I-toggle ang switch ng **Cortana** sa **naka-on** o **naka-off**.

Kapag naka-on ang Cortana, maaari mong tingnan at i-edit ang mga interes, paalala, at iba pang setting para sa mga mungkahi ng Cortana. Kung tatanggalin mo ang isang interes sa Notebook ng Cortana, tatanggalin ang mga interes pero ang impormasyon na ginamit para tukuyin ang interes na iyon ay mananatili sa mga server ng Microsoft. Para i-edit o i-clear ang impormasyong kinuha ng Cortana, tingnan sa ibaba.

1. Pindutin ang button na **Hanapin** para buksan ang Cortana.
2. I-tap ang button na **Menu** para buksan ang Notebook ng Cortana.

Kung pipiliin mo ang **Mga inirerekomendang setting** sa unang pagkakataong gagamitin mo ang Internet Explorer, gagamitin ng Cortana ang iyong kasaysayan sa pag-browse. Para baguhin ang setting na ito:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Mga Application > Internet Explorer**, pagkatapos ay i-tap ang **Advanced**.
2. Lagyan ng check o i-clear ang **Ipadala ang kasaysayan sa pag-browse para pahusayin at (kung naaangkop) i-personalize ang mga serbisyo.**

Maaari mong i-off ang awtomatikong pagtukoy sa impormasyon ng pagsubaybay sa mga email (gaya ng impormasyon ng flight) sa Mga Setting:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > Cortana.**
2. Lagyan ng check o i-clear ang **Tukuyin ang impormasyon ng pagsubaybay, gaya ng mga flight, sa mga email sa iyong telepono.**

Maaari mong piliin kung tutugon o hindi ang Cortana sa mga voice command habang naka-lock ang iyong telepono:

1. Pumunta sa **Mga Setting > system > pagsasalita.**
2. Lagyan ng check o i-clear ang **Payagan ang pagsasalita habang naka-lock.**

Kapag na-off mo ang Cortana, mapapamahalaan mo ang impormasyong kinukuha at ginagamit ng Cortana sa mga server ng Microsoft. Maaari mong pamahalaan ang impormasyon gaya ng iyong mga interes, ng mga na-save mong lugar, ng iyong kasaysayan sa pag-browse, ng data ng pagsasalita mo, at ng iyong kasaysayan sa pag-browse sa IE. Bukod dito, maaari mong pamahalaan ang iba pang impormasyong kinukuha ng Cortana (gaya ng iyong kalendaryo, mga pangalan ng iyong mga contact, at impormasyon tungkol sa kung paano mo ginagamit ang telepono mo).

Maaaring hindi kaagad matanggal sa aming mga server ang na-clear na impormasyon, pero hindi na ito gagamitin ng Cortana.

Para pamahalaan ang impormasyong ipinadala ng Cortana sa Microsoft:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > Cortana.**
2. I-toggle ang switch ng **Cortana** sa naka-off.
3. I-tap ang **i-restart.**
4. Kapag tapos nang mag-restart ang iyong telepono, pumunta sa **Mga Setting > mga application > Cortana.**
5. I-tap ang **pamahalaan ang data sa cloud** para makita ang mga pagpipilian mo para sa pag-edit o pag-clear ng data sa iyong online na profile.

Para i-clear ang impormasyon sa Cortana na nakaimbak sa iyong telepono:

Kung hindi mo pa na-o-off ang Cortana:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > Cortana.**
2. I-toggle ang switch ng **Cortana** sa naka-off.
3. I-tap ang **i-restart.**

Kapag naka-off na ang Cortana:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > Cortana.**
2. I-tap ang **tanggalin ang data ng telepono.**
3. I-tap ang **Tanggalin.**

Kapag naka-on ang Cortana, maaari mong kontrolin kung magagamit ba ng Cortana ang impormasyon mula sa iyong account Facebook.

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > Cortana.**
2. Sa Facebook, i-tap ang **mag-sign in sa Facebook** o **mag-sign out.**

Tandaan na kung i-off mo ang Cortana pagkatapos mong ikonekta ang Cortana sa Facebook, patuloy kang makakatanggap ng pag-akma sa sariling gamit ng Facebook sa iba pang karanasan sa iyong telepono. Para madiskonekta ang Facebook pagkatapos i-off ang Cortana, tingnan ang

seksyon na [Mga naka-personalize na mungkahi](#).

Para kontrolin ang iba pang setting ng paghahanap, gaya ng pagtatanggal ng mga termino sa paghahanap na nakaimbak sa iyong telepono sa pamamagitan ng Cortana o Bing:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > Cortana**.
2. I-tap ang **mga setting ng paghahanap**.

## Email + Mga Account

Kapag nagdagdag ka ng email account sa iyong telepono, o nagkonekta ng social media account sa iyong account sa Microsoft na nauugnay sa telepono mo, na napapasailalim sa mga setting ng account, maaaring awtomatikong mag-retrieve ang iyong telepono ng mga makukuhang mensahe, contact, larawan, feed, at dokumento para makatulong sa pagpapanatiling napapanahon ng impormasyon mula sa mga account na ito sa iyong telepono. Kung nag-set up ka ng account sa Outlook Exchange sa iyong telepono, magagawang maglapat ng administrator ng iyong network ng mga patakaran sa iyong telepono na nagbibigay-daan sa kanilang atasan ka na gumamit ng password sa lock screen o na hindi paganahin ang iyong SD card. Maaari ding magawa ng administrator na malayuang burahin ang lahat ng nilalaman ng iyong telepono (kasama ang nilalaman na hindi nauugnay sa kumpanya).

Kapag nagbahagi ka ng nilalaman mula sa iyong telepono sa social media, karaniwan, direktang naa-upload ang iyong nilalaman sa network na iyon. Gayunpaman, ang mga larawang na-post sa ilang social media ay maaaring i-host sa OneDrive. Sa mga pagkakataong ito, kapag nagbahagi ka ng mga larawan mula sa iyong telepono, naa-upload ang larawan sa isang pampublikong folder sa OneDrive at napo-post ang link ng nilalaman na iyon sa social media. Nangangahulugan ito na ang nilalaman sa OneDrive ay maa-access ng sinumang may access sa link o sinuman sa Internet na makakahanap sa folder, kahit na na-post mo ang link sa isang pribadong audience. Higit pa rito, hindi lang ang larawang na-post mo sa social media ang maa-access ng sinumang may access sa pampublikong folder sa OneDrive, lahat din ng nilalaman sa folder. Kung tatanggalin mo ang larawan sa social media, mananatili ang nilalaman sa pampublikong folder sa OneDrive maliban na lang kung pupunta ka sa mismong OneDrive at tatanggalin mo ang nilalaman.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Maaari mong baguhin ang mga setting para sa karamihan ng mga uri ng account para i-update ang iyong nilalaman nang hindi na ganoon kadalas, o kapag gusto mo lang.

Para baguhin ang mga setting para sa dalas ng iyong pag-update o para sa nilalaman na sini-synchronize mo:

1. Pumunta sa **Mga Setting > email + mga account.**
2. I-tap ang account na gusto mong baguhin.
3. Sa listahan ng **Mag-download ng bagong nilalaman**, piliin kung gaano kadalas mo gustong makatanggap ng na-update na nilalaman. Kung gusto mo lang tumanggap ng nilalaman kapag hiniling mo ito, i-tap ang **Manu-mano.**
4. Sa listahan ng **Nilalaman na isi-sync** (kung naaangkop), i-clear ang mga checkbox ng nilalaman na hindi mo gustong i-sync.

Ang nilalaman mula sa mga account sa Facebook ay palaging awtomatikong naa-update. Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga update ng Facebook sa labas ng Facebook app, maaari mong palitan ito sa Mga Setting sa Facebook app.

Para magtanggali ng account:

1. Pumunta sa **Mga Setting > email + mga account.**
2. I-tap nang matagal ang account na gusto mong tanggaliin.
3. I-tap ang **Tanggaliin.**

## Hanapin ang Telepono Ko

Binibigyang-daan ka ng feature na Hanapin ang Telepono Ko na imapa, ipa-ring, i-lock, o burahin ang memory ng iyong telepono mula sa [Page ng Aking Windows Phone](#). Hihilingin sa iyong ilagay ang numero ng iyong telepono, at maaari naming gamitin ang numerong iyon na pagpapa-ring o pagpapadala ng SMS sa nawawala mong telepono kung hihilingin mo. Kung hiniling mo dating i-lock ang iyong telepono, gagamitin namin ang ibinigay na contact na email address para sa iyong account sa Microsoft para bigyan ka ng mga tagubilin sa pag-unlock ng iyong telepono. Pana-panahon din kaming kukuha ng ilang partikular na diagnostic na impormasyon tungkol sa iyong telepono, gaya ng antas ng iyong baterya, mga kakayahan ng telepono (kung may magagamit na SMS o GPS na location positioning, atbp.), at kung may password sa lock screen ang telepono o kung gumagana ang pag-lock ng SIM card, para magbigay ng iba pang feature na nagbibigay-daan sa iyong malayuang i-lock at/o burahin ang memory ng device.

May dalawang paraan para matukoy namin ang lokasyon ng iyong telepono para sa feature na Hanapin ang Telepono Ko:

1. Kung na-on mo ang feature na "i-save ang aking lokasyon sa tuwing lilipas ang ilang oras para sa mas tumpak na pagmamapa" mula sa mga setting ng Hanapin ang Telepono Ko sa iyong

telepono, pana-panahong ipapadala ang lokasyon ng telepono mo sa iyong online account sa [Page ng Aking Windows Phone](#). Partikular na kapaki-pakinabang ito sa isang sitwasyon kung saan naka-off ang telepono o ubos na ang baterya nito. Ang iniimbak lang ng feature na Hanapin ang Telepono Ko ay ang huling naitalang lokasyon ng iyong telepono. Sa tuwing may ipapadalang bagong lokasyon, papalitan nito ang sinundang nakaimbak na lokasyon.

2. Kahit na hindi mo na-on ang feature na iyon, maaari mo pa ring subukang hanapin ang kasalukuyang lokasyon ng telepono mo sa pamamagitan ng pag-sign in sa iyong online na account sa [Page ng Aking Windows Phone](#). Tandaan na kapag gumawa ka ng kahilingan mula sa iyong online na account, susubukan nitong kunin ang lokasyon ng telepono mo naka-on man ang mga serbisyo sa lokasyon ng iyong telepono o hindi.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Naka-off bilang default ang feature na "i-save ang aking lokasyon sa tuwing lilipas ang ilang oras para sa mas tumpak na pagmamapa." I-on ang feature:

1. Pumunta sa **Mga Setting > system > hanapin ang telepono ko**.
2. Lagyan ng check ang **Pana-panahong i-save ang lokasyon ng aking telepono at bago maubos ang baterya, para makita nang mas madali ang**.

Para ganap na hindi paganahin ang feature na Hanapin ang Aking Telepono, na pipigil sa feature na gumana kapag nagsagawa ka ng partikular na hiling online, mag-log in sa iyong online na account sa [Page ng Aking Windows Phone](#) at:

1. Mag-click sa **Account**.
2. Mag-click sa **Alisin ang Teleponong ito**.

## Internet Explorer Mobile

### Mga awtomatikong mungkahi

Para makatulong sa iyo na hanapin nang mas mabilis ang nilalaman na gusto mo, awtomatikong nagmumungkahi ang Internet Explorer ng mga website habang nagta-type ka ng mga address sa browser. Ang mga awtomatikong mungkahi ay maaaring magmula sa iyong Kasaysayan o Mga Paborito na nakaimbak sa telepono mo, o mula sa serbisyo ng service. Para kumuha ng mga mungkahi mula sa serbisyo ng Bing, ipapadala kung ano ang tina-type mo sa address bar o search bar sa serbisyo ng Bing habang tina-type mo ito. Para matuto pa tungkol sa mga kasanayan sa pagkuha ng impormasyon ng Bing, pakibasa ang [Pahayag ng Pagiging Pribado ng Bing](#).

## Ang Iyong Mga Opsyon:

Kung hindi mo gusto ng mga awtomatikong mungkahi mula sa serbisyo ng Bing sa Internet Explorer:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > Internet Explorer > mga advanced na setting.**
2. I-clear ang **Tumanggap ng mga mungkahi mula sa Bing habang nagta-type ako.**

## Cookies

Ang mga website na binibisita mo gamit ang Internet Explorer ay maaaring gumamit ng "cookies" (maliliit na text file na iniimbak sa iyong telepono ng isang web server para tukuyin sa natatanging paraan ang iyong telepono) para mag-imbak ng mga data file sa iyong Windows Phone. Itinatalaga ang cookies sa iyong telepono sa isang natatanging paraan, at mababasa lang ito ng isang website o web server sa domain na naglaan ng cookie sa iyo. Hindi magagamit ang cookies sa pagpapatakbo ng gma program o paghahatid ng mga virus sa iyong telepono. Karaniwang ginagamit ang cookies sa pagpe-personalize ng pagbisita mo sa isang website o para matipid mo ang iyong oras. Halimbawa, para mapangasiwaan ang isang pagbili, maaaring maglaman ang isang cookie ng impormasyon ng shopping cart gaya ng kasalukuyan mong pinili, pati na rin impormasyon sa pakikipag-ugnayan gaya ng iyong pangalan o email address.

May kakayahan kang tanggapin o tanggihan ang cookies sa Internet Explorer. Kung magpapasya kang i-block ang cookies, maaaring hindi mo makita ang ilang website o magamit ang mga feature ng pagpapasadya (gaya ng lokal na balita at lagay ng panahon, o mga pagtatantya sa stock). Bukod sa pagtanggap o pag-block ng lahat ng cookies, maaari mong piliin ang setting sa cookie ng Internet Explorer na "i-block ang ilan," na nagbibigay ng pahintulot sa ilan pero hindi sa lahat ng cookies. Halimbawa, bina-block ng setting na ito ang mga third-party na cookie mula sa mga site na walang kasunduan sa patakaran sa pagiging pribado, at ang cookies na nagse-save ng impormasyon na maaaring gamitin sa pakikipag-ugnayan sa iyo nang walang hayagang pahintulot mula sa iyo.

## Ang Iyong Mga Opsyon:

Maaari mong pamahalaan kung paano ginagamit ang cookies sa iyong telepono. Para pamahalaan ang cookies:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > Internet Explorer > mga advanced na setting.**
2. Sa **Cookies mula sa mga website**,piliin ang **tanggapin lahat, i-block ang ilan, o i-**

**block lahat.**

## Data Sense

Tinutulungan ka ng Data Sense na subaybayan ang paggamit mo ng data, alamin kung aling mga app ang gumagamit ng pinakamalaking data, at pababain ang dami ng ginagamit mong cellular data. Para matuto pa, tingnan ang [Gamitin ang Data Sense sa pamamahala sa paggamit ng data.](#)

## Do Not Track

Kapag binisita mo ang anumang browser, awtomatiko kang nagbabahagi ng impormasyon sa website na iyon, gaya ng cookies, ang iyong IP address, at iba pang karaniwang impormasyon ng device. Kung naglalaman ang website ng nilalaman na ibinigay ng isang third-party na website (halimbawa, isang mapa, advertisement, o mga tool sa pagsukat ng web gaya ng isang web beacon o mga script), maaari ding awtomatikong ipadala ang ilan sa impormasyong ito sa provider ng nilalaman. Bagama't maaaring magkaroon ng ilang pakinabang sa aktibidad na ito – kasama ang pangangasiwa sa nilalaman na sinusuportahan ng ad sa mga libreng website – mayroon ding mga potensyal na epekto sa pagiging pribado dahil maaaring magkaroon ng posibilidad na masubaybayan ka ng mga provider ng nilalaman sa maraming website.

Kung pipiliin mo, maaaring magpadala ang Internet Explorer ng kahilingan na Do Not Track sa mga website na binibisita mo at sa mga third-party na may nilalaman na hino-host sa mga site na iyon para malaman ng mga site na hindi mo gustong masubaybayan. Maaaring magpatuloy ang mga website sa pagsasagawa ng mga aktibidad na maaari mong ituring bilang pagsubaybay kahit na ipinahayag mo ang kagustuhan mong hindi isagawa ito. Ito ay nakadepende sa mga partikular na kasanayan ng mga website.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Maaari mong piliin na magpadala ng mga kahilingan na Do Not Track habang nagbrowse ka. Maaari mong ipadala ang mga kahilingan sa pamamagitan ng pagpili sa **Mga inirerekomendang setting** sa unang pagkakataong gagamitin mo ang Internet Explorer o sa pamamagitan ng pag-on o pag-off dito anumang oras pagkatapos:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > Internet Explorer > mga advanced na setting.**
2. Lagyan ng check o alisan ng check ang **Magpadala ng mga kahilingan na Do Not Track sa mga website na binibista mo.**

# Mga Paborito at kasaysayan sa pag-browse

Inimbak ng Internet Explorer sa iyong telepono ang mga website na na-save mo bilang iyong paborito pati na rin ang kasaysayan ng mga URL na binisita mo kamakailan. Kung pipiliin mong i-sync ang iyong mga setting gamit ang isang account sa Microsoft, isi-sync ang iyong mga paborito at kasaysayan sa mga server ng Microsoft para ma-access mo ang mga ito gamit ang iba mo pang Windows device. Para matuto pa, tingnan ang seksyon na **I-sync ang iyong mga setting**.

Maaari mo ring piliin na ipadala ang iyong kasaysayan sa pag-browse sa Microsoft para makatulong sa pagpapahusay ng aming mga serbisyo at produkto. Kung na-on mo ang Cortana, gagamitin din ang kasaysayan sa pag-browse na pipiliin mong ipadala sa Microsoft sa pagbibigay ng mga naka-personalize na mungkahi. Kung hindi mo na-on ang Cortana, hindi gagamitin ang kasaysayan sa pag-browse na pipiliin mong ipadala sa Microsoft para sa pag-personalize.

## Ang Iyong Mga Opsyon:

Maaari mong i-clear ang mga password sa website na hiniling mo sa Internet Explorer na i-save, ang mga entry sa folder ng kasaysayan ng Internet Explorer, data ng web form, mga pansamantalang file ng Internet, at cookies na na-save sa iyong telepono. Tinatanggal ng feature na ito ang data na nakaimbak sa iyong telepono pero hindi nito natatanggal ang anumang kasaysayan sa pag-browse o iba pang data ng paghahanap na naipadala na sa Microsoft. Para tanggalin ang kasaysayan sa pag-browse sa iyong telepono:

1. **Pumunta sa Mga Setting > mga application > Internet Explorer.**
2. I-tap ang **tanggalin ang kasaysayan**.

Maaari mong piliin na ipadala ang iyong kasaysayan sa pag-browse sa Microsoft sa pamamagitan ng pagpili sa **Mga inirerekomendang setting** sa unang pagkakataong gagamitin mo ang Internet Explorer. Maaari mo itong i-on o i-off anumang oras:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > Internet Explorer > advanced**.
2. Lagyan ng check o i-clear ang **Ipadala ang kasaysayan sa pag-browse para pahusayin at (kung naaangkop) i-personalize ang mga serbisyo**.

## Lokasyon

Kung papayagan mo ang isang website na i-access ang iyong lokasyon, sa tuwing hihiling ng lokasyon ang telepono mo, maaaring kunin ng serbisyo sa lokasyon ng Microsoft ang impormasyon tungkol sa mga kalapit na cell tower, access point ng Wi-Fi, at impormasyon ng magagamit na

Global Positioning System (GPS) at gamitin para tukuyin ang tinatayang lokasyon ng iyong telepono. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang [Pagkuha at Paggamit ng Impormasyon ng Location Positioning](#).

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Itatanong sa iyo kung gusto mong payagan ang isang website na hilingin ang impormasyon ng iyong lokasyon kapag nagsagawa ng kahilingan ang website na iyon sa iyong telepono. Maaari mong ihinto ang lahat ng site sa pag-prompt kaugnay ng pagbibigay mo ng pahintulot para sa iyong lokasyon anumang oras:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > Internet Explorer > advanced**.
2. I-off **naka-off** switch na **payagan ang access sa aking lokasyon** .

## Mga Password

Kapag kinailangan ng isang website na maglagay ka ng isang username at password, tatanungin ng Internet Explorer kung gusto mong i-save ang username at password na inilagay mo. Maaari mong piliin na i-save ang isang username at password para sa isang partikular na site; maaari mo ring piliin na palagi o hindi kailanman awtomatikong i-save ang mga username at password na inilagay mo. Ang mga password na sine-save ng Internet Explorer ay iniimbak nang naka-encrypt sa iyong telepono. Kung pipiliin mong i-sync ang iyong mga setting gamit ang isang account sa Microsoft, isi-sync ang mga naka-encrypt na password sa mga server ng Microsoft para magamit mo ang mga ito sa iba mo pang Windows device. Para matuto pa, tingnan ang seksyon na **I-sync ang iyong mga setting**.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Maaari mong piliin kung awtomatikong ise-save ng Internet Explorer ang mga password:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > Internet Explorer > mga advanced na setting**.
2. Sa **Mga password ng website, piliin ang tandaan, huwag tandaan, o magtanong sa bawat pagkakataon**.

Para magtanggali ng mga password na na-save ng Internet Explorer sa iyong telepono:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > Internet Explorer**.
2. I-tap ang button na **tanggali ang kasaysayan**.
3. Lagyan ng check ang checkbox na **Tanggali ang mga naka-save na password** at i-tap

ang **tanggalin**.

## SmartScreen Filter

Idinisenyo ang SmartScreen Filter para makatulong sa pagbibigay ng babala tungkol sa mga hindi ligtas na website na nagpapanggap bilang mga pinagkakatiwalaang website (phishing) o na naglalaman ng mga banta sa iyong telepono. Kung mag-o-opt in ka sa SmartScreen Filter, sinusuri muna nito ang address ng webpage na binibisita mo gamit ang isang listahan ng mga address ng webpage na may mataas na trapiko na nakaimbak sa iyong telepono, na sa tingin ng Microsoft ay lehitimo. Ang mga address na wala sa lokal na listahan ay ipapadala sa Microsoft at susuriin gamit ang isang madalas i-update na listahan ng mga webpage na naiulat sa Microsoft bilang hindi ligtas o kahina-hinala. Maaaring kasama ang impormasyon na maaaring naiuugnay sa web address, gaya ng mga termino ng paghahanap na inilagay mo sa mga form. Ang mga string ng address ay maaaring hindi sinasadyang magkaroon ng personal na impormasyon, pero ang impormasyon na ito, gaya ng iba pang impormasyong ipinapadala, ay hindi gagamitin sa pagtukoy, pakikipag-ugnayan, o pagtarget ng advertising sa iyo o sa iyong telepono. Bukod dito, nagsasagawa ang Microsoft ng mga teknolohikal na paraan sa pag-filter ng mga string ng address para subukang alisin ang personal na impormasyon.

Pana-panahon, ipapadala rin ang impormasyon tungkol sa paggamit mo ng SmartScreen Filter sa Microsoft, gaya ng oras at kabuuang bilang ng mga website na na-browse simula nang naipadala ang isang address sa Microsoft para sa pagsusuri. Ang ilang address ng website na ipinapadala sa Microsoft ay maaaring iimbak kasama ng karagdagang impormasyon, kasama ang bersyon ng web browser, bersyon ng operating system, bersyon ng SmartScreen Filter, ang wika ng browser, ang nagre-refer na webpage, at ang impormasyon tungkol sa website. Magpapadala rin ng isang natatanging identifier na binuo ng Internet Explorer. Ang natatanging identifier ay isang numerong random na binubuo na hindi naglalaman ng anumang personal na impormasyon at hindi ginagamit para tukuyin ka. Ang impormasyong ito, kasama ng impormasyong inilarawan sa itaas, ay gagamitin lang sa pagsusuri ng pagganap at pagpapahusay ng kalidad ng mga produkto at serbisyo.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Maaari mong piliing gamitin ang feature na SmartScreen filter sa pamamagitan ng pagpili sa **Mga inirerekomendang setting** sa unang pagkakataong gagamitin mo ang Internet Explorer o sa pamamagitan ng pag-on o pag-off dito anumang oras pagkatapos:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > Internet Explorer > mga advanced na setting**.
2. Lagyan ng check o alisan ng check ang **Gamitin ang SmartScreen Filter para**

**makatulong sa pagprotekta laban sa mga hindi ligtas na website.**

## Pagtukoy sa Keyboard

Habang nagta-type ka, maaaring magmungkahi ang iyong Windows Phone ng mga salita at pagwawasto batay sa diksyunaryo ng telepono. Sa katagalan, awtomatikong aakma ang iyong telepono para makapagsama at makapagmungkahi ng mga salitang dati mo nang na-type, pati na rin ang mga pangalan ng iyong mga contact. Para sa karamihan ng mga wika, maaari mong piliin na hindi paganahin ang mga mungkahing ito. Gayunpaman, para sa ilang wika (halimbawa, Chinese at Japanese), hindi maaaring hindi paganahin ang mga mungkahi. Kapag ginagamit ang salitang Japanese, magsasagawa rin ng mga mungkahi ang iyong telepono batay sa mga bahagi ng mga kamakailang thread ng mensahe mo na nakaimbak sa iyong telepono. Ang mga awtomatikong pag-adapt sa iyong diksyunaryo ay nakaimbak sa iyong telepono. Maaari mong tulungan ang Microsoft na pahusayin ang pagta-type sa Windows Phone at iba pang produkto at serbisyo ng Microsoft sa pamamagitan ng pakikilahok sa feature na feedback sa Keyboard Touch Information. Maaari kang makilahok sa pamamagitan ng pagpili sa mga Inirerekomendang setting kapag sine-set up ang iyong telepono o, kung pipiliin mo ang mga custom na setting, sa pamamagitan ng pagpapagana sa feature na ito roon. Kapag nakilahok ka, ang keyboard touch information na ginagamit ng Windows Phone sa pagtukoy sa mga gusto mong i-type na character (na tinatawag na "mga touchpoint") ay ipapadala sa Microsoft kapag ginagamit mo ang keyboard sa telepono, kasama ng anumang character na na-type mo, ng mga salitang pinili mo mula sa mga mungkahi, at mga awtomatikong pagwawasto. Dahil humuhusay ang kakayahan ng keyboard na tukuyin nang wasto ang mga touchpoint sa pamamagitan ng pag-alam sa mga uri ng mga salitang tina-type ng mga tao sa kanilang mga telepono, ipapadala rin ang pinal na text. Kung na-on mo ang Cortana, ipapadala ang iyong custom na diksyunaryo sa Microsoft para ma-personalize ang iyong karanasan – tingnan ang seksyon na [Cortana](#).

Para makatulong sa pagprotekta sa iyong pagiging pribado, hindi kami kumukuha ng keyboard touch information kapag nagpapakita ang telepono ng isang login screen o field ng password. Nagsasagawa rin kami ng mga hakbang na idinisenyo para pigilan ang pagkuha ng mga email address at sequence ng numero gaya ng mga numero ng telepono, numero ng credit card, atbp. Ang keyboard information ay ipinapadala sa paraang hindi ka matutukoy o ang iyong telepono, at pagkatapos ay isinasama sa text mula sa maraming gumagamit at ginagawa itong mga bilang ng character at sequence ng salita para sa pagsusuri.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Para sa karamihan ng mga wika, maaari mong pamahalaan ang mga mungkahi sa pagta-type:

1. Pumunta sa **Mga Setting > system > keyboard.**
2. Sa ibaba ng opsyon na **magdagdag ng keyboard** makikita ang mga pinapagana mong wika.
3. I-tap ang wika kung para saan mo gustong hindi paganahin ang mga mungkahi.
4. Alisan ng check ang mga mungkahi at pagwawasto na hindi mo gusto.

Maaari mong tanggalin ang mga salitang naidagdag sa telepono:

1. Pumunta sa **Mga Setting > system > keyboard.**
2. I-tap ang **advanced.**
3. I-tap ang **i-reset ang mga mungkahi.**

Maaari mong palitan ang setting ng pagpapahusay sa mungkahi sa text anumang oras:

1. Pumunta sa **Mga Setting > system > keyboard.**
2. I-tap ang **advanced.**
3. Lagyan ng check o alisan ng check ang **Pahusayin ang mga mungkahi sa pamamagitan ng pagpapadala ng impormasyon tungkol sa paggamit ko ng keyboard sa Microsoft.**

## Pambata

Binibigyang-daan ka ng Pambata na itakda ang iyong telepono sa paraan na ang mga laro, musika, video, o app na partikular mong itinalaga lang ang maa-access ng iyong anak. Bagama't hindi kinakailangan, gumagana ang feature na ito sa password sa pag-lock ng iyong screen nang sa gayon, sa tuwing papaganahin mo ang Pambata, ang mga item lang na inilagay mo sa Pambata ang maa-access ng iyong anak at hindi niya magagawang bumalik sa iyong home screen o magbukas ng iba pang application. Para ibalik ang access sa iba pang app o feature, dapat mong ilagay ang iyong password kung nagtakda ka ng password. Kapag nag-a-access ang isang bata ng app sa Pambata, karaniwan ay magkakaroon siya ng access sa buong functionality ng app na iyon, at karaniwan ay kukunin ng app ang parehong data na kinukuha nito kapag ginamit mula sa iyong normal na home screen. Kapag ginamit ang isang app sa Pambata, karaniwan ay maa-access at maipapasa nito ang parehong impormasyon (gaya ng iyong identifier ng advertising) katulad ng magagawa nito kapag binuksan ang app mula sa iyong normal na home screen.

**Ang Iyong Mga Opsyon:**

Maaari mong i-set up at pamahalaan ang iyong Pambata kasama ang mga laro, musika, video, at app na gusto mong ma-access ng iyong anak:

1. Pumunta sa **Mga Setting** > **system** > **Pambata**.
2. I-toggle ang **Pambata** sa **Naka-on** o **Naka-off**.
3. I-tap ang **Mga Laro, Musika, Mga Video, o Mga App** para pamahalaan ang mga item na gusto mong isama.

## Mga Pag-check-in sa Lokasyon

Binibigyang-daan ka ng check-in na maghanap ng isang kalapit na lokasyon at pagkatapos ay “pag-check in” doon sa ilang partikular sa site ng social media. Kapag sinimulan mo ang proseso ng pag-check-in, magbibigay ng data sa serbisyo sa paghahanap ng Bing para makapaghatid ng mga resulta para sa mga kalapit na lugar. Kasama sa data na ito ang lokasyon, oras at petsa, at ang iyong mga termino sa paghahanap. Kapag napili mo na ang lokasyon kung saan magche-check in, ang data na kinakailangan para gawin ang hiniling na post ay ipinapasa sa social media to kung saan mo gustong mag-post. Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa lugar kung saan ka magche-check-in, kasama ang pangalan nito, lokasyon, address ng kalye, numero ng telepono, at kategorya o uri (halimbawa, isang restaurant, tindahan, o bar). Kapag pinili mong “mag-check-in,” maaari mong ibunyag sa iba ang iyong lokasyon. Maaari mo ring pahintulutan na gamitin ng Bing ang iyong impormasyon ng “pag-check-in” para makatulong sa pag-personalize sa iyong resulta ng paghahanap mo sa iyong telepono o sa kahit saan ka pa mag-sign in sa iyong account sa Microsoft sa hinaharap. Kung pipiliin mo ang opsyon na ito, iimbak ang iyong kasaysayan sa “pag-check in” kaugnay ng iyong account sa Microsoft at maaaring gamitin sa pag-personalize at pagpapahusay ng iba pang produkto at serbisyo ng Microsoft, gaya ng Cortana. Para matuto pa tungkol sa mga kasanayan sa pagkuha ng impormasyon ng Bing, pakitingnan ang [Hanapin](#), pati na rin ang [Pahayag ng Pagiging Pribado ng Bing](#). Para sa higit pang pangkalahatang impormasyon sa mga serbisyo sa lokasyon, tingnan ang [Pagkuha at Paggamit ng Impormasyon ng Location Positioning](#). **Ang Iyong Mga Opsyon:** Para gamitin ang feature na “pag-check-in,” dapat ay Naka-on ang mga pangunahing serbisyo sa lokasyon ng iyong **Naka-on** gaya ng inilarawan sa seksyon na [Pagkuha at Paggamit ng Impormasyon ng Location Positioning](#) ng pahayag na ito.

Para mag-post ng “mga pag-check-in” at gamitin ang lokasyon sa paghahanap ng mga kalapit na lugar para sa mga post:

1. Pumunta sa **Mga Setting** > **mga application** > **mga tao**.
2. I-toggle ang switch ng **Gamitin ang aking lokasyon** sa **Naka-on**.

Para payagan ang Bing na gamitin ang iyong kasaysayan sa pag-check-in para pahusayin ang iyong mga resulta ng paghahanap:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > mga tao.**
2. Lagyan ng check ang **I-save ang mga paghahanap at lokasyon ng pag-check-in sa aking account sa Microsoft para pahusayin ang mga resulta ng paghahanap.**

## Mapa

Ang iyong telepono ay may kasamang Teknolohiya sa Pagmamapa ng Nokia. Depende sa iyong lokasyon, ang mga kahilingang isinasagawa ng app na Mapa ay maaaring isagawa ng Nokia o Bing. Kapag humiling ka ng mapa o nakipag-ugnayan sa Nokia Mapping (gaya ng kapag humihiling ng mga direksyon sa ruta o impormasyon ng trapiko), ang ilang karaniwang impormasyon ng device ay ibibigay sa Nokia. Ang impormasyong ito ay hindi ginagamit para tukuyin, makipag-ugnayan, o mag-target ng advertising sa iyo o sa iyong device maliban na lang kung makakuha ang Nokia ng pahintulot mula sa iyo. Maaaring gamitin ng Nokia ang data na ito para ibigay ay pahusayin ang kanilang mga serbisyo sa pagmamapa. Maaari mong subaybayan ang iyong mga paboritong lugar at mga kamakailang paghahanap sa mapa sa app na Mapa. Kapag nagsimula kang mag-type sa isang field ng lokasyon (halimbawa, sa app na Kalendaryo), isasama bilang mga mungkahi sa paghahanap ang iyong mga paboritong lugar at kasaysayan sa paghahanap. Kung naka-sign in ka sa iyong account sa Microsoft sa telepono mo, ang iyong mga paboritong lugar at kasaysayan sa paghahanap ay isi-sync sa lahat ng iba pang app at serbisyo kung saan magsa-sign in ka gamit ang iyong account sa Microsoft. Sa mga setting ng Mapa, makontrol mo kung isi-sync ang impormasyong ito, pero kung naka-on ang Cortana, palaging masi-sync ang impormasyong ito. Para matuto pa tungkol sa kung paano ginagamit ng Cortana ang impormasyon ng lokasyon, tingnan ang [Seksyon ng Cortana](#). Kung papayagan mo ang Mapa o Local Scout na i-access ang iyong lokasyon, ang tinatayang lokasyon ng iyong telepono, kasama ang anumang query na gagawin mo sa Mapa at Local Scout, ay ipapadala sa Microsoft para pahusayin at i-personalize ang mga produkto at serbisyo, gaya ng mga lokal na resulta ng paghahanap. Para matuto pa tungkol sa mga kasanayan sa pagkuha ng impormasyon ng Mapa at Local Scout, na hatid ng Bing, pakibasa ang [Pahayag ng Pagiging Pribado ng Bing](#).

### Ang Iyong Mga Opsyon:

Para i-on o i-off ang access ng feature na Mapa sa lokasyon ng iyong telepono, na **Naka-off** bilang default:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > mapa.**
2. I-toggle ang switch ng **Gamitin ang aking lokasyon** sa **Naka-on** o **Naka-off**.

Para i-clear ang mga nakalipas na paghahanap mo sa mapa at ang mga pansamantalang file sa iyong telepono:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > mapa.**
2. I-tap ang **tanggalin ang kasaysayan.**

## Pagmemensahe

Kapag nag-sign in ka sa isang account sa Microsoft sa iyong telepono, maaari mong i-sync ang iyong mga SMS at MMS message at iimbak ang mga ito sa account sa Outlook.com na nauugnay sa iyong account sa Microsoft. Nagbibigay-daan ito sa iyo na bawiin ang mga mensahe kung mawawala mo o magpapalit ka ng telepono. Itatanong sa iyo kung gusto mong “i-back up ang nilalaman ng iyong telepono” habang sine-set up ang telepono. Kung pipiliin mo ang opsyong ito, io-on nito ang pag-backup sa mga SMS at MMS message. Tingnan ang [Backup](#). Pagkatapos ng kauna-unahan mong pag-set up sa telepono, maaari mong pamahalaan ang mga setting ng iyong pagmemensahe anumang oras. Halimbawa, maaari mong i-on o i-off ang mga pag-back up sa text message, pamahalaan ang mga pagkumpirma at pag-abiso sa paghahatid, piliin kung aling app ang makakatanggap ng mga text message, at palitan ang iba pang setting ng pagmemensahe. Kapag na-off ang pag-back up ng iyong SMS/MMS, hindi matatanggal ang mga mensahe na na-back up na sa iyong account sa Outlook.com. Para tanggalin ang mga naturang mensahe sa iyong storage, dapat mong tanggalin ang mga ito sa iyong telepono bago i-off ang backup. Tingnan ang [Email + Mga Account](#). Maaari kang maglakip ng mapa ng iyong kasalukuyang lokasyon, ng larawan, ng video, ng isang voice note, o ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa isang palabas na mensahe. Kung pipiliin mong ilakip ang iyong lokasyon sa iyong mensahe, maaaring kumuha ang database ng location positioning ng Microsoft ng impormasyon ng landmark. Tingnan ang [Pagkuha at Paggamit ng Iyong Impormasyon](#). Kung gagamit ka ng isang third-party na app para magpadala o tumanggap ng mga text message, ang paggamit ng data ng app na iyon ay mapapasailalim sa mga kasanayan sa pagiging pribado ng third party.

### Ang Iyong Mga Opsyon:

I-on ang pag-sync ng SMS/MMS:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > pagmemensahe.**
2. I-toggle ang switch ng **backup ng text message** sa **Naka-on.**

Para piliin kung aling app ang makakatanggap ng mga text:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > pagmemensahe.**
2. Sa **Tumanggap ng text gamit ang**, piliin ang app na gusto mong gamitin para

makatanggap ng text.

Para maglakip ng isang mapa ng iyong lokasyon o ibang file sa isang ipapadalang mensahe:

1. I-tap ang simbolo na paperclip sa ibaba ng screen.
2. Piliin ang (mga) item na gusto mong ilakip.

## Account sa Microsoft

Pinapanatiling naka-sync ng isang account sa Microsoft ang iyong mga larawan, contact, musika, dokumento, mga setting, mga password, at higit pa sa iyong PC o Xbox. Maaari din nitong i-personalize ang iyong mga karanasan sa lahat ng serbisyo at produkto ng Microsoft. Hindi mo kailangang gumawa o maglagay ng account sa Microsoft para magamit ang iyong telepono. Gayunpaman, kung wala kang naiugnay na account sa Microsoft sa iyong telepono, hindi mo magagawang kumuha ng mga app sa Store o gumamit ng mga feature gaya ng Xbox LIVE, Xbox Music, Backup, o Hanapin ang Telepono Ko. Kung hindi mo gustong gumawa o maglagay ng account sa Microsoft kapag nagse-set ng iyong telepono, i-tap ang **Huwag ngayon** kapag na-prompt na gumawa o maglagay ng isang account sa Microsoft.

Kung mag-uugnay ka ng isang account sa Microsoft sa iyong telepono, maaari mong gamitin ang isang dati nang account sa Microsoft o maaari kang gumawa gamit ang iyong telepono. Kung mayroon kang kasalukuyang account, ang anumang contact na nauugnay sa account na iyon ay awtomatikong masi-sync sa iyong telepono. Kapag nagkonekta ka ng isang account sa Microsoft, awtomatiko nitong ii-import sa online na listahan ng contact at kalendaryo sa iyong account sa Microsoft ang mga contact at item sa kalendaryo na idinagdag mo nang lokal sa iyong telepono. Ang mga contact at item ng kalendaryo mula sa mga third-party na serbisyo, gaya ng mga account sa social media, ay hindi ii-import sa iyong account sa Microsoft. Pagkatapos mong gawin ang iyong account sa Microsoft, maaari mong gamitin ang parehong mga kredensyal sa pag-sign in sa marami at iba't ibang site at serbisyo ng Microsoft, pati na rin sa mga third-party na app at serbisyo. Sa pamamagitan ng pag-sign in sa isang site o serbisyo ng Microsoft, maaaring awtomatiko kang ma-sign in kapag bumisita ka sa iba pang site at serbisyo ng Microsoft. Kapag naka-sign in ka na, maaari mong piliin na gamitin ang iyong account sa Microsoft sa mga third-party na app at serbisyo. Ang paraan ng paggamit ng isang third-party na app o serbisyo sa impormasyon mula sa iyong account sa Microsoft ay napapasailalim sa mga kasanayan sa pagiging pribado ng third party. Para matuto pa tungkol sa mga kasanayan sa pagkuha ng impormasyon para sa mga account sa Microsoft at kung paano ginagamit ang impormasyon ng iyong kredensyal kapag nagsa-sign in ka sa mga kalahok na site, pakibasa ang mga paghahayag ng account sa Microsoft sa [Pahayag ng Pagiging Pribado ng Microsoft.com](#).

**Ang Iyong Mga Opsyon:**

Para mag-set up o mag-ugnay ng dati nang account sa Microsoft sa iyong telepono habang nagse-set up ng telepono, sundin ang mga prompt sa screen. Maaari mo ring isagawa ito anumang oras pagkatapos ng pag-setup:

1. Pumunta sa **Mga Setting > system > email + mga account.**
2. I-tap ang **magdagdag ng account.**
3. I-tap ang **Account sa Microsoft.**
4. Sundin ang mga prompt sa screen.

Maaari mong tanggalin sa iyong telepono ang mga kredensyal mo sa pag-sign in sa account sa Microsoft anumang oras. Gayunpaman, tatanggalin nito ang lahat ng data sa iyong telepono – kasama ang lahat ng app na na-download mo, musika, mga larawan, at video – at ire-reset nito ang telepono sa mga factory setting.

Para tanggalin sa iyong telepono ang mga kredensyal mo sa pag-sign in sa account sa Microsoft:

1. Pumunta sa **Mga Setting > tungkol dito.**
2. I-tap ang **i-reset ang iyong telepono.**
3. Sundin ang mga prompt sa screen.

## Mga Notification at Action Center

Kapag nag-swipe ka pababa mula sa itaas ng screen, makikita mo ang mga kamakailang notification sa iyong mga app at mga mabilis na pagkilos gaya ng pag-on sa Bluetooth o pagbukas sa camera. Maaari mong piliin kung aling mga app at mabilis na pagkilos ang lalabas sa Action Center, at mapipili mo kung magagamit ang Action Center kapag naka-lock ang iyong telepono. Kung pipiliin mong gawing nagagamit ang Action Center kapag naka-lock ang iyong telepono, makikita ang mga notification gaya ng mga text message at email nang hindi na ina-unlock ang iyong telepono.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Para mag-clear ng mga notification sa Action Center:

1. Mag-swipe pababa ng screen para buksan ang Action Center.
2. I-tap ang **I-clear Lahat** para i-clear ang lahat ng notification, o mag-swipe pakanan ng isang notification para i-clear ito.

Para piliin kung aling mabilis na pagkilos ang lalabas sa Action Center:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga notification + pagkilos.**
2. I-tap ang isa sa mga mabilis na pagkilos para piliin kung alin ang gagamitin.

Para piliin kung lalabas ang Action Center kapag naka-lock ang iyong telepono:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga notification + pagkilos.**
2. Lagyan ng check o alisan ng check ang **Magpakita ng mga notification sa action center kapag naka-lock ang aking telepono.**

Para palitan ang mga setting ng notification ng isang app:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga notification + pagkilos.**
2. I-tap ang isang app sa listahan para palitan ang mga setting ng notification nito.

## Office Mobile

Kapag na-configure mo ang iyong telepono gamit ang isang Account sa Microsoft, maaaring i-sync ang mga dokumento, mga setting, at mga tala na nakaimbak sa iyong telepono sa OneDrive, Office 365, o Microsoft SharePoint Server. Ang mga partikular na katangian ng metadata para sa mga dokumento ay awtomatikong masi-sync sa iyong telepono para magbigay ng kasalukuyang impormasyon gaya ng petsa ng huling pag-update at mga may-akda ng dokumento. Ang mga dokumento (Word, Excel, PowerPoint) na gagawin mo sa iyong telepono ay masi-sync lang sa OneDrive, Office 365, o Mga Microsoft SharePoint Server kapag tahasan kang nagsagawa ng pagkilos para i-save ang dokumento sa mga lokasyong ito. Awtomatikong nasi-sync ang mga OneNote file kapag isinara mo ang file o lumipat ka sa ibang function kung may magagamit na koneksyon sa data.

### Ang Iyong Mga Opsyon:

Para tanggalin ang lahat ng setting at nilalaman ng Office, kasama ang mga naka-save na site ng SharePoint, dokumento ng SharePoint, dokumento ng OneDrive, mga setting at mga kredensyal mula sa iyong telepono

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > Office.**
2. I-tap ang **I-reset ang Office.**

# Username

Ang bawat file na na-save ng Microsoft Excel Mobile, Microsoft OneNote Mobile, Microsoft PowerPoint Mobile, at Microsoft Word Mobile ay kinabibilangan ng mga sumusunod na katangian:

- May-akda
- Huling Na-save Ni

Bukod dito, kung nagse-save ka ng mga komento sa isang file, isinasama ng Office Mobile ang iyong username sa bawat komento. Pagkatapos nito, makikita ng sinumang may access sa iyong telepono ang impormasyong ito.

## Ang Iyong Mga Opsyon:

Para baguhin ang username na nauugnay sa iyong mga file, gaya ng mga katangian at komento ng file:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > Office.**
2. Palitan o i-clear ang username.

# People Hub

Binibigyang-daan ka ng People Hub na makita at makipag-ugnayan sa mga contact na nakaimbak sa iyong telepono at naka-sync sa iyong mga online na account, gaya ng iyong email account o account sa Facebook. Maaari mong tingnan at i-edit ang impormasyon ng contact, at magagawa mo ring tingnan ang, at makipag-ugnayan sa, mga update ng iyong mga contact mula sa mga social networking app na sumasama sa Windows Phone. Halimbawa, maaari kang tumugon sa status update sa Facebook ng isang kaibigan na nakikita mo sa People Hub. Maaari ka ring mag-update ng sarili mong status o mag-post ng mga pag-check-in sa lokasyon—tingnan ang [Mga Pag-check-in sa Lokasyon](#). Ang iyong mga pakikipag-ugnayan sa mga third-party na serbisyo ay napapasailalim sa mga kasanayan sa pagiging pribado ng third party at sa anumang nalalapat na patakaran sa paggamit.

Kapag nagdagdag ka ng account sa iyong telepono (tingnan ang seksyon na [email+mga account](#)), ang mga contact na nauugnay sa account na iyon ay awtomatikong masi-sync sa iyong telepono. Maaari mong tingnan o i-edit ang mga contact na ito o maaari kang magdagdag ng mga bagong contact People Hub. Kung may access ang isang app sa iyong mga contact, maaari itong magbigay ng mga karagdagang detalye sa mga kasalukuyang contact, magbigay ng mga sarili nitong contact, ay kunin ang impormasyon ng mga kasalukuyan mong contact. Ang paggamit ng isang third-party

na app sa impormasyon ng iyong mga contact ay napapasailalim sa mga kasanayan sa pagiging pribado ng third party at sa anumang nalalapat na patakaran sa paggamit.

Ang paggamit ng app sa impormasyon ng contact ay maaaring gamitin sa pagpapahusay sa iyong karanasan. Halimbawa, maaaring idagdag ng isang video calling app ang mga username nito sa kasalukuyan mong mga contact. Sa sitwasyong ito, kapag tinatawagan mo sa telepono ang isang contact na binigyan ng app ng username, maaaring pahintulutan ka ng iyong telepono na magsimula ng video call kasama ang taong ito nang walang inaalala gamit ang app.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Maaari mong piliin kung masi-sync ang mga contact sa mga account na idinagdag mo sa iyong telepono:

1. Pumunta sa **Mga Setting > email+mga account.**
2. I-tap ang isang account para piliin ito.
3. Sa **Nilalaman na isi-sync**, lagyan ng check o alisan ng check ang **Mga Contact.**

## Mga Naka-personalize na Mungkahi

Kung na-on mo ang Cortana, magbibigay ito ng mga naka-personalize na mungkahi gaya ng inilarawan sa seksyon na Cortana. Kung hindi mo na-on ang Cortana, maaari ka pa ring makatanggap ng mga naka-personalize na mungkahi gaya ng inilarawan sa seksyon na ito.

Kung io-on mo ang Mga Naka-personalize na Mungkahi, susubukan ng Microsoft na mas i-personalize pa ang iyong karanasan sa Windows Phone sa pamamagitan ng pagpipino sa iyong mga resulta ng paghahanap at pagmumungkahi ng mga app at laro na maaaring magustuhan mo. Ang mga mungkahing batay ito ay batay sa impormasyong kukunin namin sa pamamagitan ng iba pang feature at serbisyo na nauugnay sa iyong account sa Microsoft pati na rin sa paggamit mo sa ilang feature at serbisyo na nauugnay sa iyong telepono. Kasama rito ang impormasyon tungkol sa paggamit mo ng iyong telepono (halimbawa, kung aling mga app ang pinakamadalas mong pinapatakbo), aktibidad sa Store (halimbawa, ang mga uri ng mga app na bina-browse, dina-download, at sinusuri mo), ang iyong aktibidad habang naka-sign in sa iba pang serbisyo (halimbawa, ang iyong aktibidad sa Xbox LIVE) na nauugnay sa iyong account sa Microsoft, at impormasyon ng lokasyon (halimbawa, ang iyong lokasyon kapag naghahanap ka gamit ang Bing) para magbigay ng mga mas tumpak na heograpikong mungkahi para sa iyo. Maaari mo ring piliin na dagdagan ang iyong mga mungkahi sa pamamagitan ng pagkonekta sa Windows Phone gamit ang Facebook, kung saan maaaring kasama sa mga mungkahi para sa iyo ang mga bagay na gusto ng mga kaibigan mo. Kung kokonekta ka gamit ang Facebook, ang iba pang feature (gaya ng Cortana) ay makokonekta rin sa Facebook at magagamit ng mga ito ang data nito.

Kukunin ang impormasyon tungkol sa paraan ng paggamit mo sa iyong telepono sa pamamagitan ng Feedback sa Telepono. Gaya ng inilalarawan sa ibaba, ang data ng feedback ay karaniwang nauugnay lang sa isang natatanging ID na hindi magtutukoy sa iyo o sa iyong telepono at na hindi nauugnay sa iyong account sa Microsoft. Sa pamamagitan ng pagpiling makilahok sa pagbibigay ng feedback at pati na rin sa pag-opt in sa mga naka-personalize na mungkahi, iuugnay namin ang data na ito sa iyong account sa Microsoft para makapagbigay-daan sa isang mas naka-personalize na karanasan sa telepono. Kung hindi mo pinapagana ang feedback, hindi kukunin ang data na iyon kahit na mag-opt in ka pa sa mga mungkahi. Gayunpaman, ang iba pang data, gaya ng iyong aktibidad sa Store, ay magsisilbi pa ring batayan para sa ilang pag-personalize.

Maaari mong piliin na i-off ang Mga Naka-personalize na Mungkahi anumang oras. Bukod pa sa paghinto sa higit pang pag-personalize sa mga mungkahi, kung nag-opt in ka sa Feedback, magdudulot ito ng data ng feedback sa hinaharap na iuugnay lang muli sa isang natatanging ID at hindi iuugnay sa iyong account sa Microsoft. Hindi nito babaguhin ang iba pang pagkuha ng data na nauugnay sa iyong account sa Microsoft (halimbawa, kaugnay ng iyong mga aktibidad sa Store). Kukunin pa rin ang data na iyon sa mga server ng Store at maaaring gamitin sa ibang pagkakataon kung muli mong papaganahin ang Mga Naka-personalized na Mungkahi.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Kapag ginamit mo ang Store, maaaring itanong sa iyo kung gusto mong i-on ang feature na Mga Naka-personalize na Mungkahi, na **Naka-off** bilang default. Maaari mo ring i-on o i-off ang feature na Mga Mungkahi anumang oras:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > store**.
2. Mag-tap sa **mga mungkahi**.
3. I-toggle ang switch ng **Mga Mungkahi** sa **Naka-on** o **Naka-off**.

Maaari mo ring palitan ang iyong mga opsyon kaugnay ng pagdaragdag ng Mga Naka-personalize na Mungkahi gamit ang iyong Facebook data anumang oras:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > store**.
2. Mag-tap sa **mga mungkahi**.
3. Mag-tap sa **Facebook** para kumonekta sa Facebook at i-on ang mga mungkahi ng Facebook, o i-tap nang matagal ang **Facebook** at i-tap ang **alisin ang mga mungkahi ng facebook** para alisin ang mga mungkahi ng Facebook.

## Feedback sa Telepono

Sa pamamagitan ng pakikilahok sa Feedback sa Windows Phone (feedback), matutulungan mo ang Microsoft sa pagpapaganda ng Windows Phones, ng iba pang produkto at serbisyo ng Microsoft, at ng mga pinagkakatiwalaang produkto at serbisyo. Kapag pinili mong makilahok, kukunin namin ang impormasyon tungkol sa kung paano mo ginagamit ang iyong mga telepono at mga app, pati na rin ang mga error na naranasan mo at iba pang feedback na isinusumite mo sa Microsoft. Ang mga sumusunod na kategorya ng data ay maaaring pana-panahong kunin at ipadala sa Microsoft sa pamamagitan ng mga magagamit na koneksyon:

- Configuration ng telepono, gaya ng mga ginagamit na koneksyon sa network, resolution ng screen, ginagamit na memory, tagal ng baterya, mga setting ng domain para sa mga email account na na-set up mo, at kung aling bersyon ng software ng Windows Phone ang gumagana.
- Pagganap at pagiging mapagkakatiwalaan, gaya ng kung gaano kabilis tumutugon ang isang feature kapag nag-tap ka sa isang icon o pumindot sa isang button, kung gaano karaming problema ang nararanasan mo sa isang feature, at kung gaano kabilis nakakapagpadala o nakakatanggap ng impormasyon sa isang koneksyon sa network.
- Paggamit ng application, gaya ng mga feature at app na pinakamadalas mong gamitin, kung aling mga feature at app ang pini-pin mo sa Start screen, kung paano ka nagna-navigate sa mga menu ng app at sa Store, kung gaano ka kadalas magpalit ng mga setting at mag-update ng mga feed at impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at kung gaano mo katagal ginagamit ang ilang partikular na feature at app.
- Mga error sa paggana ng software, gaya ng mga problema na gumagambala sa iyo habang ginagamit ang iyong telepono, at ang mga error na lumalabas habang hindi mo ginagamit ang iyong telepono. Ang mga ulat ay maaaring maglaman ng personal na impormasyon, pero ginagamit ng Microsoft ang impormasyong ito para mag-diagnose ng mga error, hindi para tukuyin ka o makipag-ugnayan sa iyo.
- Feedback na boluntaryo mong isinusumite sa Microsoft.

Hindi ginagamit ng Microsoft ang impormasyong nakuha sa pamamagitan ng mga ulat ng feedback para tukuyin ka maliban na lang kung partikular kang nagbigay ng pahintulot sa isang partikular na feature (halimbawa, kung magpapasya kang tumanggap ng mga mungkahi sa Store).

Ginagamit namin ang impormasyon ng feedback sa pagpapahusay ng mga produkto at feature na pinakamadalas gamitin ng mga tao at sa paggawa ng mga solusyon sa mga karaniwang isyu. Ang impormasyon ng feedback, partikular ang mga ulat ng error, ay maaaring maglaman ng personal na impormasyon. Halimbawa, maaaring kasama sa isang ulat na naglalaman ng snapshot ng memory

ng telepono ang iyong listahan ng contact, bahagi ng isang email o SMS na ginagawa mo, o data na isinumite mo kamakailan sa isang website. Gayunpaman, ginagamit lang ang impormasyong ito sa pag-diagnose ng mga error, hindi sa pakikipag-ugnayan sa iyo. Para pahasayin ang mga produkto at serbisyo na gumagana sa software ng Microsoft, maaari kaming magbahagi ng impormasyon ng feedback sa mga manufacturer ng equipment at iba pang pinagkakatiwalaang kasosyo. Pinagbabawalan namin ang mga kasosyong ito na gamitin ang anumang naturang data sa pakikipag-ugnayan sa iyo.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Para baguhin ang setting ng feedback sa telepono anumang oras:

1. Pumunta sa **Mga Setting > system > feedback.**
2. I-toggle ang **Magpadala ng feedback** sa **Naka-off** o **Naka-on.**

## **Mga Larawan + Camera**

Binibigyang-daan ka ng camera ng iyong telepono na mag-embed ng impormasyon ng lokasyon sa iyong mga larawan. Dapat mong malaman na sa pamamagitan ng pagpili sa pagbabahagi ng mga larawan sa naka-embed ng impormasyon ng lokasyon sa social media, sa mga online na serbisyo, at sa mga application, inilalantad mo ang impormasyon ng lokasyong iyon sa iba. Ang paggamit ng isang third party sa impormasyon ng lokasyon na ito ay napapasailalim sa mga kasanayan sa pagiging pribado ng third party.

Kapag kumuha ka ng mga larawan na may naka-embed na okasyon mo, maaaring pagpangkatina ng app na Mga Larawan ang iyong mga larawan ayon sa oras at lokasyon. Para pagpangkatina ang iyong mga larawan, magpapadala ang app na Larawan ng impormasyon ng lokasyon sa iyong mga larawan sa Microsoft para tukuyin ang mga pangalan ng mga lokasyon, gaya ng "Seattle, Washington." Hindi sine-save ng Microsoft ang impormasyon ng lokasyon na ipinapadala ng app na Mga Larawan, at hindi ito nauugnay sa iyong account sa Microsoft o ginagamit sa pagtukoy, pakikipag-ugnayan, o pag-target ng advertising sa iyo.

Kapag nag-sign in ka sa isang account sa Microsoft sa iyong telepono, maaari mong piliin na awtomatikong mag-upload ng mga larawan at/o video sa isang folder ng OneDrive at pamahalaan ang kalidad (resolution) ng mga pag-upload. Ina-upload ng feature na ito ang media na nakunan mo sa device, pati na rin ang media na na-save mo sa device (gaya ng mula sa isang album sa social media). Hindi ito awtomatikong nag-a-upload ng media mula sa isang SD card o sa anumang bagay na kinokopya mo sa iyong telepono sa pamamagitan ng koneksyon sa USB mula sa isang computer. Itatanong sa iyo kung gusto mong "i-back up ang nilalaman ng iyong telepono" habang sine-set up ang telepono. Kung pipiliin mo ang opsyon na ito, io-on nito ang awtomatikong pag-

upload ng mga larawan na may mas mababang resolution. Tingnan ang [Backup](#).

Pagkatapos ng kauna-unahang pag-set up sa iyong telepono, maaari mong pamahalaan ang iyong storage ng mga larawan at/o video sa OneDrive sa isang paraang detalyado. Halimbawa, maaari mo ding piliin na mag-upload ng mga video sa OneDrive, o piliing mag-upload ng mga larawan at video nang may full resolution. Depende sa kalidad ng resolution na pipiliin mo, maaaring gumamit ang iyong telepono ng mga koneksyon sa cellular data o Wi-Fi at maaaring maantala ang pag-upload hanggang sa magkaroon na ng naaangkop na koneksyon. Kapag na-off ang awtomatikong pag-upload, hindi nito tatanggalin ang mga larawan na na-upload na sa OneDrive. Para matanggal ang mga naturang larawan sa storage, dapat kang mag-log in sa iyong online na account sa [Page ng Aking Windows Phone](#).

Maaari mong piliin na mag-install ng mga third-party na app na nagbibigay-daan din sa mga pag-upload ng mga larawan at video. Matutulungan ka ng iyong telepono na maghanap ng mga ganitong app at matutukoy din nito ang mga app na mayroon ka sa iyong telepono na may kakayahang magsagawa ng mga awtomatikong pag-upload. Dapat mong pag-aralan nang mabuti ang mga patakaran sa paggamit at ang mga kasanayan sa pagiging pribado para sa mga naturang app.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Maaaring itanong sa iyo kung gusto mong isama ng Camera ang impormasyon ng lokasyon sa mga larawan at video na kukunan mo, na naka-off bilang default. Para palitan ang setting na ito anumang oras:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > mga larawan + camera**.
2. I-toggle ang switch ng **Gamitin ang impormasyon ng lokasyon** sa **Naka-on** o **Naka-off**.

Para awtomatikong mag-upload ng mga larawan at/o video sa iyong folder sa OneDrive:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > mga larawan + camera**.
2. Sa **Awtomatikong pag-upload**, mag-tap sa entry ng **OneDrive**.
3. Gamitin ang mga radio button sa **Mga Larawan** at **Mga Video** para itakda ang resolution para sa mga pag-upload na gusto mo.

Para makakita at mag-install ng iba pang app na may kakayahang awtomatikong mag-upload ng iyong mga larawan at video:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > mga larawan + camera**.
2. Sa **Awtomatikong pag-upload**, mag-tap sa entry ng **mga app**.

3. I-tap ang button na **maghanap ng mga app**.

Para piliin kung pagpapangkatin ng app na Larawan ang mga larawan ayon sa oras at lokasyon:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > mga larawan + camera**.
2. Sa **Mga setting ng larawan**, lagyan ng check o alisan ng check ang **Pagpangkatin ang mga larawan ayon sa oras at lokasyon**.

## Mga Room

Binibigyang-daan ka ng mga room na magbahagi ng mga mensahe sa chat, kalendaryo, mga larawan, mga video, at mga note sa iba pang miyembro ng room. Makikita ng mga miyembro ang mga mensahe sa chat, item ng kalendaryo, larawan, at note na partikular mong pinili na ibahagi sa room. Ang mga miyembro ay hindi magkakaroon ng access sa iyong mga personal na kalendaryo, larawan, at note, maliban sa mga bagay na pinili mong ibahagi sa iyong mga kaibigan sa Messenger. Nakadepende ang mga room sa Messenger para sa function ng pagcha-chat, at makikita ng lahat ng miyembro sa room ang mga mensahe sa messages na ipapadala mo sa room. Kapag nag-set up ka ng isang room at nag-imbata ng mga tao rito, o kapag tinanggap mo ang isang imbitasyon na sumali sa isang room, awtomatiko kang magiging kaibigan sa Messenger ng iba pang miyembro sa room, at ng mga sasali pa rito. Depende sa mga setting ng iyong Messenger, maaaring masuri ng mga kaibigan ang impormasyon ng iyong profile sa Messenger at makita ang impormasyong pinili mong ibahagi sa mga kaibigan mo sa Messenger (gaya ng mga nasa nakabahaging file sa OneDrive). Kung miyembro ka ng isang room, maaaring hindi ka maabisuhan kapag ang gumawa ng room ay nag-imbata ng tao na sumali sa room at kapag sumali na ang taong inimbata. Kung aalis ka o ang ibang tao sa room, o kung mag-aalis ka ng tao sa room o magtatanggal ka ng room, mananatili kayong magkaibigan sa Messenger maliban na lang kung hiwalay mong aalisin ang taong iyon sa iyong listahan ng mga kaibigan sa Messenger. Maaari mong pana-panahong suriin ang iyong account sa Messenger at pamahalalan ang iyong mga setting ng kaibigan.

### Ang Iyong Mga Opsyon:

Para gumawa ng room mula sa Simula:

1. Kung nakikita ang Tile ng Room ng Pamilya sa Simula, i-tap ito.
2. I-tap ang **mag-imbata ng tao**.
3. Pumili ng contact (sa pamamagitan ng numero ng telepono) at padalhan siya ng imbitasyon na sumali sa room.

Para gumawa ng room mula sa People Hub:

1. Sa Simula, i-tap ang **Mga Tao**.
2. Mag-swipe pakaliwa o pakanan sa **Sama-sama**.
3. I-tap ang **Bago +**.
4. I-tap ang **Room**.
5. I-type ang pangalan na gustong ibigay para sa room, at i-tap ang **i-save**.

Para mag-edit o magtanggali ng room (kung ikaw ang may-ari/gumawa ng room):

1. Sa Simula, i-tap ang **Mga Tao**.
2. Mag-swipe pakaliwa o pakanan sa **Sama-sama**.
3. I-tap ang room na gusto mong i-edit o tanggali.
4. Mag-swipe patungo sa **Mga Miyembro**.
5. Gawin ang alinman sa sumusunod:
  - Para mag-imbata ng miyembro sa room, i-tap ang **Mga Miyembro > Mag-imbata +**.
  - Para mag-alis ng miyembro sa room, i-tap ang **Mga Miyembro**, i-tap ang contact, at pagkatapos ay i-tap ang **Alisin**.
  - Para palitan ang pangalan ng room, i-tap ang **Higit Pa. . . > Palitan ang Pangalan**.
  - Para tanggali ang room, i-tap ang **Higit Pa. . . > Tanggali ang room**.

Para umalis sa isang room (kung hindi ikaw ang may-ari/gumawa ng room):

1. Sa Simula, i-tap ang **Mga Tao**.
2. Mag-swipe pakaliwa o pakanan sa **Sama-sama**.
3. I-tap ang room kung saan mo gustong umalis.
4. Mag-swipe patungo sa **Mga Miyembro**.
5. I-tap ang **Umalis sa room**, at pagkatapos ay i-tap ang **Umalis**.

Para mag-unfriend ng isang tao sa Messenger, alisin ang contact sa iyong telepono.

# Hanapin

Kung na-on mo ang Cortana, maghahatid ang Cortana ng mga feature ng paghahanap sa iyong telepono – tingnan ang [Cortana](#). Kung hindi mo na-on ang Cortana, magagamit mo pa rin ang mga feature ng paghahanap na inilarawan sa seksyong ito. Matutulungan ka ng paghahanap sa Bing na hanapin nang mabilis ang impormasyong gusto mo. Para matuto pa tungkol sa mga kasanayan sa pagiging pribado ng Bing, pakibasa ang [Pahayag ng Pagiging Pribado ng Bing](#).

## Ang Iyong Mga Opsyon:

Para i-clear ang mga na-type nang termino ng paghahanap, mga paghahanap ng musika, at Mga paghahanap ng tag at layunin sa iyong telepono:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > maghanap**.
2. I-tap ang **tanggalin ang kasaysayan**.

# Mga awtomatikong mungkahi

Para matulungan ka sa mas mabilis na paghahanap ng nilalaman na gusto mo, awtomatikong nagmumungkahi ang Hanapin ng mga termino sa paghahanap habang nagta-type ka. Maaaring manggaling ang mga awtomatikong mungkahi sa kasaysayan mo sa paghahanap na nakaimbak sa iyong telepono, o mula sa serbisyo ng Bing. Para tumanggap ng mga mungkahi mula sa serbisyo ng Bing, ipapadala sa Bing ang iyong termino ng paghahanap habang sinasabi o tina-type mo ito.

## Ang Iyong Mga Opsyon:

Para i-on o i-off ang mga awtomatikong mungkahi ng feature na Hanapin mula sa serbisyo ng Bing, na **Naka-on** bilang default:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > maghanap**.
2. Lagyan ng check o alisan ng check ang **Tumanggap ng mga mungkahi mula sa Bing habang nagta-type ako**.

# Lokasyon

Kung papayagan mo ang Hanapin na i-access ang iyong lokasyon, ipapadala ang lokasyon ng iyong telepono sa Bing at gagamitin gaya ng inilarawan sa pahayag ng pagiging pribado ng Bing.

## Ang Iyong Mga Opsyon:

Para i-on o i-off ang access ng feature na Hanapin sa lokasyon ng iyong telepono, na **Naka-off** bilang default:

1. Pumunta sa **Mga Setting** > **mga application** > **maghanap**.
2. I-toggle ang switch ng **Gamitin ang aking lokasyon** sa **Naka-on** o **Naka-off**.

## Mga Microsoft Tag

Kapag nag-scan ka ng Microsoft Tag (isang two-dimensional na barcode), isa-scan ng camera ng telepono ang Microsoft Tag para magbalik sa iyo ng tumutugmang impormasyon. Hindi nauugnay ang impormasyon ng imahe na ito sa iyong account sa Microsoft o ginagamit para makipag-ugnayan sa iyo. Maaari ding ipadala ng Microsoft ang pamantayang impormasyon ng iyong telepono (at ang data ng lokasyon kung pinili mo ang setting na iyon) sa gumawa ng Tag para magbigay ng mga lokal na resulta batay sa iyong telepono o at sa iba pang Tag na na-scan mo mula sa parehong gumawa ng Tag. Halimbawa, kung isa-scan mo ang isang Tag sa isang poster ng pelikula, ang impormasyong nakuha ng Microsoft ay maaaring ibigay sa publisher ng poster, at maaaring gamitin niya ito para bigyan ka ng impormasyon tungkol sa mga malapit na oras ng pagpapalabas para sa pelikula. Ang paggamit ng mga gumagawa ng Tag sa impormasyong ito ay napapasailalim sa kanilang mga kasanayan sa pagiging pribado, at hindi sa pahayag ng pagiging pribado na ito.

### Ang Iyong Mga Opsyon:

Para i-on o i-off ang opsyon ng feature na Hanapin na magpadala ng impormasyon ng lokasyon kaugnay ng mga scan ng Mga Microsoft Tag, na **Naka-off** bilang default:

1. Pumunta sa **Mga Setting** > **mga application** > **maghanap**.
2. Lagyan ng check o alisan ng check ang **Magpadala ng impormasyon ng lokasyon para sa Mga Microsoft Tag**.

## Mga Paghahanap ng Musika

Kapag ginamit mo ang function na Paghahanap ng Musika, magpapadala sa Bing ng audio na "fingerprint" ng audio na nakuha sa pamamagitan ng mikropono para bigyan ka ng mga resulta ng paghahanap. Ang impormasyon ng audio ay hindi inuugnay sa iyong account sa Microsoft o ginagamit sa pagtukoy o pakikipag-ugnayan sa iyo o sa iyong telepono.

## Mga Visual na Paghahanap

Kapag ginamit mo ang functionality na Visual na Paghahanap, isa-scan ng camera ng telepono ang anumang bagay na nahahagip ng lente nito sa loob ng sandaling panahon at magpapadala ng isang serye ng mga frame sa Bing para bigyan ka ng mga resulta ng paghahanap. Ang impormasyon ng larawan ay hindi inuugnay sa iyong account sa Microsoft o ginagamit para sa pagtukoy o pakikipag-ugnayan sa iyo o sa iyong telepono. Dapat mong malaman na maaari itong magresulta sa hindi sinasadyang pagpapadala ng ilang hindi nauugnay na frame sa Bing at dapat ay alam mo kung saan nakatutok ang camera.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Para i-on o i-off ang opsyon ng feature na Hanapin na mag-imbak at gumamit ng mga imahe na ipinadala mo para pahusayin ang mga resulta ng paghahanap sa Bing sa hinaharap, na **Naka-on** bilang default:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > maghanap.**
2. Lagyan ng check o alisan ng check ang **Payagan ang Microsoft na mag-imbak at gumamit ng mga larawan mula sa mga visual na paghahanap.**

## SharePoint Mobile

Makakapag-import ka ng isang listahan ng mga site ng SharePoint at mase-save mo ang mga kredensyal mo sa domain at network sa iyong telepono. Kapag nag-access ka ng isang site ng SharePoint, kung mayroon kang mga pahintulot na gumawa ng isang bagong sub-site, magse-save ng cookies ang site sa iyong telepono. Kinukuha nang sama-sama, bumubuo ang cookies na ito ng isang listahan ng mga site kung saan mayroon kang mga pahintulot. Ginagamit ang listahan na ito ng ilang program ng Office para bigyan ka ng mabilis na access sa mga site na nabisita mo na dati. Kung tatanggalin mo ang cookies sa iyong telepono, kakailanganin mong muling ilagay ang iyong mga kredensyal para magkaroon ng access sa mga site.

Ang listahan ng mga site ng SharePoint na binisita mo ay hindi naa-access ng Microsoft at hindi nalalantad sa Internet maliban na lang kung pipiliin mong gawing maa-access ng maraming tao ang listahan. Kapag gumawa ka ng isang bagong website o listahan sa SharePoint, o kapag nagdagdag o nag-imbita ka ng mga tao sa isang kasalukuyang website o listahan, sine-save ng site ang sumusunod para sa bawat tao:

- Buong pangalan
- Email address

Nagdaragdag ng ID ng gumagamit sa bawat elemento na idinaragdag o binabago mo o ng iba pang gumagamit ng site sa site. Pagdating naman sa lahat ng nilalaman ng site ng SharePoint, mga

administrator at miyembro ng mismong site lang ang may access sa impormasyong ito.

Ang lahat ng elemento ng site ng SharePoint ay may dalawang field:

- Ginawa Ni (username ng taong gumawa sa elemento at ang petsa kung kailan ito ginawa)
- Binago Ni (username ng taong huling gumawa ng pagbabago sa elemento at ang petsa kung kailan binago)

Ang mga administrator ng mga server kung saan hino-host ang mga site ng SharePoint ay mayroong access sa ilang data mula sa mga site na ito, kasama ang mga pangalan, email address, at pahintulot ng lahat ng gumagamit na may pahintulot na i-access ang site, na ginagamit para sa pagsusuri sa mga pattern ng paggamit ng site at pagpapataas sa porsyento ng oras na magagamit ang site. Ang lahat ng gumagamit na may access sa isang partikular site ng SharePoint ay maaaring maghanap at matingnan ang lahat ng magagamit na nilalaman sa site na iyon.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Para buksan ang mga link ng SharePoint sa Office Hub, na **Naka-on** bilang default:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > Office.**
2. Lagyan ng check o alisan ng check ang **Buksan ang mga link ng SharePoint sa Office Hub.**

## **Pagsasalita**

Ang Windows Phone ay nagbibigay ng serbisyo ng pagkilala sa pananalita para sa mga feature at app na nagpapagana ng pagsasalita. Kung na-on mo ang Cortana, nagbibigay ang Cortana ng serbisyo ng pagkilala sa pananalita – [tingnan ang seksyon ng Cortana](#). Kung hindi mo na-on ang Cortana, magagamit mo pa rin ang serbisyo ng pagkilala sa pananalita na inilarawan sa seksyon na ito.

Kapag ginamit mo ang serbisyo ng pagkilala sa pananalita sa iyong telepono para sa mga feature o app na nagpapagana ng pagsasalita, galing man ang mga ito sa Microsoft o sa mga third-party, ang input ng iyong pagsasalita at data ng pagganap na nauugnay sa functionality ng pagsasalita, gaya ng mga pagbabago na manu-mano mong ginagawa sa text at sa pinal na resulta ng text, (“data ng pagsasalita”) ay awtomatikong ipapadala sa Microsoft para maiproseso at makatugon sa kahilingan, at para mapahusay ang serbisyo ng pagsasalita. Para maging mas wasto ang mga algorithm ng aming pagkilala sa pananalita, ang mga pangalan ng mga kasalukuyang contact mo (pero hindi ang mga numero ng telepono o iba pang impormasyon ng contact) ay ipapadala rin sa Microsoft. Mapo-prompt kang paganahin ang serbisyo ng pagkilala sa pananalita sa unang pagkakataon na

susubukan mong gamitin ang anumang functionality ng pagsasalita.

Kapag nagpadala ng data ng pagsasalita sa Microsoft, bubuo ang Microsoft ng natatanging ID na iniimbak sa iyong telepono at ipinapadala sa mga kahilingang tukuyin ang mga kahilingang galing sa iba pang telepono. Ang natatanging ID ay isang numerong random na binubuo na hindi naglalaman ng anumang impormasyon na direktang makakapagtukoy sa iyo nang personal.

Kung hindi mo papaganahin ang serbisyo ng pagkilala sa pananalita, hindi mo magagawang maghanap online gamit ang iyong boses o magpadala ng mensahe sa pamamagitan ng boses, pero magagawa mo pa ring gamitin ang iba pang simpleng voice command na sinusuportahan lang sa telepono, gaya ng "Tumawag kay Nanay" o "Simulan ang Internet Explorer."

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Para maiwasan ang pagpapadala ng data ng pagsasalita sa Microsoft, kung pinagana mo ito noon:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Pagsasalita**.
2. Alisan ng check ang **Paganahin ang Serbisyo ng Pagkilala sa Pananalita**.

## **Storage Sense**

Maaaring makagamit ka ng SD card sa pag-import o pag-export ng mga data file mula sa iyong telepono, gaya ng musika o mga larawan. Maaari mong piliin na mag-imbak ng mga larawan, musika, video, o ilang partikular na app sa iyong SD card. Sa unang pagkakataon na maglalagay ka ng SD card, maaari mong piliin kung aling uri ng data ang iiimbak mo rito. Maaari mong palitan ang setting na ito anumang oras.

Dapat mong malaman na ang data na nakaimbak sa iyong SD card ay may mas malaking posibilidad na mawala o ma-access nang walang pahintulot ng iba. Kapag inalis sa iyong telepono, karaniwan ay nababasa ang data ng SD card ng anumang device kung saan ito isaksak, kahit na magtakda ka ng password ng lock screen para sa iyong telepono. Dapat ay lubos mong pag-isipan ang data na pipiliin mong iimbak sa iyong SD card.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Para piliin kung anong data ang iiimbak sa iyong SD card o internal na memory:

1. Pumunta sa **Mga Setting > system > storage sense**.
2. Sa pop-up menu para sa uri ng data na gusto mo, piliin ang **telepono** o **SD card**.

# Store

Para gumawa ng bagong account sa Store, maaaring kailanganin mong ibigay ang iyong edad at bansa/rehiyon. Kung mayroon ka nang account sa Pagsingil ng Microsoft, magagawa mong gamitin ang (mga) paraan ng pagbabayad na naidagdag mo na sa pagbili ng nilalaman at mga app sa Store. Kukunin din namin ang iyong email address para makapagbigay kami ng mga resibo at notification mula sa Store. Para sa mga bagong account, awtomatiko kaming bubuo ng palayaw (na tinatawag naming gamertag) na ginagamit sa pagtukoy sa iyo sa mga serbisyo ng Xbox LIVE at Xbox Music.

Kung magpo-post ka ng mga review sa Store, ang mga review ay ipo-post sa ilalim ng unang pangalan sa iyong account sa Microsoft. Makikita ng developer ng app na gagawan mo ng review mo ang iyong review, at maaari siyang magsulat ng tugon sa email para sa iyong review. Padadalhan ka ng Microsoft ng email na naglalaman ng tugon sa ngalan ng developer – hindi matatanggap ng developer ang iyong email address. Gayunpaman, kung direkta kang tutugon sa email address suporta ng developer, malalaman ng developer ang iyong email address. Maaari mong piliin na huminto sa pagtanggap ng mga tugon ng developer mula sa Microsoft sa pamamagitan ng ling sa pag-opt out sa isang email ng tugon sa review.

Nagbibigay ang Store ng online na karanasan na nauugnay sa iyong telepono. Kapag binisita mo ang Store, kukuha kami ng impormasyon tungkol sa pag-browse mo sa Store, mga pagbili mo sa Store, at iba mo pang aktibidad sa Store. Ang aktibidad na ito ay ginagamit sa pagpapahusay sa pangkalahatang karanasan sa Store, at maaari itong gamitin sa pagbibigay ng mga partikular na rekomendasyon para sa iyo sa telepono mo kung io-on mo ang [Mga Naka-personalize na Mungkahi](#) o [Cortana](#). Maaari din kaming magbahagi sa mga kasosyo ng pinagsama-samang data kaugnay ng aktibidad sa Store.

Maaari mong iatas ang paggamit ng PIN sa wallet bago magsagawa ng pagbili ng musika, app, o ilang partikular na in-app na pagbili. Para bigyang-daan ka na maningil para sa mga app sa pamamagitan ng iyong mobile operator (kung naaangkop), maaari kaming kumuha ng data na tutukoy sa iyong telepono at sa iyong mobile operator, gaya ng iyong IMSI at bahagi ng identifier ng iyong Subscriber Identity Module ("SIM") card (hindi lahat ng telepono ay gumagamit ng mga SIM card). Binibigyang-daan kami nitong pangasiwaan ang pagsingil at lutasin ang mga tanong tungkol sa mga nabigong pagbili, pagpepresyo, o iba pang isyu. Hindi namin gagamitin ang nakuhang impormasyon sa paraang ito para sa anumang iba pang layunin, at hindi rin namin ibabahagi ang data sa sinumang partido maliban sa iyong mobile operator.

Pana-panahong ipinapadala ang mga ID ng mga app na na-install mo sa iyong telepono sa Store para tukuyin kung mayroon bang mga magagamit na update para sa anumang app na na-install mo. Kung pipiliin mong awtomatikong mag-update ng mga app (halimbawa, habang sine-set up ang iyong telepono), awtomatikong magda-download at mag-i-install ang Store ng mga na-update na

bersyon ng iyong mga app. Maaari mong piliin kung awtomatikong mai-install ang mga update ng app sa mga setting ng Store. Gayunpaman, ang ilang partikular na update ay maaaring kinakailangan para sa patuloy na paggana ng ilang partikular na app.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Para kontrolin kung awtomatikong mada-download at mai-install ang mga update sa app:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > store.**
2. Sa **Mga update sa app**, i-toggle ang switch ng **Awtomatikong i-update ang mga app** sa **Naka-on** o **Naka-off.**

Para kailanganin ang paggamit ng iyong PIN sa wallet bago magsagawa ng mga pagbili ng musika, app, at ilang partikular na in-app:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > store.**
2. Mag-tap sa **button na PIN.**
3. I-toggle ang switch ng **PIN sa Wallet** sa **Naka-on** at sundin ang mga tagubilin sa paglalagay ng iyong PIN (kung hindi mo pa nagawa ito dati).
4. Lagyan ng check ang checkbox na **Gamitin ang PIN sa Wallet sa pagprotekta sa musika, app, at mga in-app na pagbili.**

Maaari ding i-on ang feature na ito sa pamamagitan ng mga setting ng Wallet. Tingnan ang [Wallet](#). Para mag-edit o magtanggali ng impormasyon ng pagsingil sa iyong account sa Pagsingil ng Microsoft, mag-sign in sa iyong account sa [Pamamahala sa Pagsingil at Account ng Microsoft](#). Para i-edit ang isang review na na-post mo dati sa Store, mag-sign in sa Store at mag-click o mag-tap sa text ng review.

## **Mga Setting ng Pag-sync**

Kapag nag-sign in ka sa iyong telepono gamit ang isang account sa Microsoft, awtomatiko nitong isi-sync ang ilan sa iyong mga setting at impormasyon sa mga server ng Microsoft para gawing mas madali ang pagkakaroon ng mga hindi nababagong karanasan sa lahat ng Windows device gaya ng iyong telepono at PC. Kasama sa impormasyong maaaring i-sync ang iyong tema, mga setting ng app, mga password na na-save mo, at mga paborito at kasaysayan sa Internet Explorer.

Kung napili mo nang i-sync ang mga setting sa iyong account sa Microsoft sa iba pang Windows device, awtomatikong masi-sync ang ilang setting sa iyong telepono habang nagse-set up

pagkatapos mong mag-sign in sa iyong account sa Microsoft.

Para makatulong sa iyong pagiging pribado, ipapadala ang lahat ng naka-sync na setting sa naka-encrypt na paraan sa pamamagitan ng SSL. Maaaring hindi ma-sync ang ilang setting hanggang sa kumpirmahin mo ang iyong account sa Microsoft sa iyong device. Hindi ginagamit ng Microsoft ang mga naka-sync na setting o impormasyon na ito para sa pagtukoy, pakikipag-ugnayan, o pag-target ng advertising sa iyo.

Tandaan na ang ilang app ay nagsi-sync ng sarili nilang data sa ibang paraan, na maaaring magkaroon ng mga hiwalay na mga setting.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Kapag nag-sign in ka sa iyong telepono gamit ang isang account sa Microsoft, masi-sync bilang default ang iyong mga setting. Para piliin kung anong impormasyon ang masi-sync:

1. Pumunta sa **Mga Setting > system > i-sync ang mga setting ko.**
2. I-toggle ang switch ng **Tema, Mga setting ng app, Internet Explorer, o Mga Password** sa **Naka-on** o **Naka-off.**

Tandaan na kung pipiliin mong i-back up ang nilalaman ng iyong telepono, ipapadala ang mga setting ng iyong telepono at iba pang impormasyon sa mga server ng Microsoft alinsunod sa mga setting ng iyong backup, pero masi-sync lang sa iba mo pang device alinsunod sa mga setting ng iyong pag-sync. Para matuto pa tungkol sa iyong mga opsyon sa pag-back up sa telepono mo, tingnan ang seksyon na **Backup.**

## **I-tap + Ipadala**

Maaaring magsama ang iyong telepono ng mga kakayahan sa paggamit ng Near Field Communications ("NFC") na nagbibigay-daan sa iyong magbahagi ng mga larawan, website, contact, at higit pa sa mga tumutugmang device na may NFC sa pamamagitan lang ng "pagtatabi" sa iyong telepono sa iba pang device (o paglalagay sa napakalapit na distansya). Palagi kang hiwalay na mapo-prompt bago aktwal na ibahagi ang data, kaya ikaw ang magpapasya kung aling impormasyon ang ibabahagi sa bawat pagkakataon. Hindi nagpapasa ang feature na ito ng data sa Microsoft.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Para i-on o i-off ang feature na pagbabahagi gamit ang NFC, na **Naka-on** bilang default

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > i-tap + ipadala.**

2. I-toggle ang switch ng **Pagbabahagi Gamit ang NFC** sa **Naka-on** o **Naka-off**.

## Mga Update

Maaaring maglabas ang Microsoft ng mga update para sa operating system ng iyong telepono nang may mga kapaki-pakinabang o mahalagang pagpapahusay. Ang mga app na nakuha mula sa Store ay na-update sa pamamagitan ng Store at hindi ng feature na ito. Para makatiyak na alam mo ang tungkol sa anumang update kapag nagkaroon nito, regular na magsa-scan ang iyong telepono para sa mga update. Kapag pinagana mo ang feature na ito, awtomatikong mada-download ang mga update. Aabisuhan ka pa rin at hihimuking i-install ang mga na-download na update, pero para sa mahahalagang update, awtomatikong ii-install ng iyong telepono ang mga update. Kung pipiliin mong hindi paganahin ang feature na ito, aabisuhan ka kapag may mga magagamit na update para sa pag-download, at maaari mong piliin kung kailan ida-download at ii-install ang mga update.

Sa tuwing maghahanap ang telepono ng mga magagamit na update, at sa tuwing may nai-install na mga update, magpapadala ng karaniwang impormasyon ng device sa Microsoft. Gagamitin ang impormasyong ito sa pagtukoy sa mga update na nalalapat at naaangkop para sa iyong telepono, at para paganahin, suriin, at panatilihin ang serbisyo ng Update. Ginagamit din ang karaniwang impormasyon ng device sa pagbuo ng mga pinagsama-samang istatistika na makakatulong sa amin na suriin ang mga tagumpay, kabiguan, at error na nararanasan mo sa mga serbisyo ng Update.

Kung pipiliin mo ang mga inirerekomendang setting habang nagse-set up ng Windows Phone, maaon ang feature na mga pag-update ng Windows Phone. Kung pipiliin mong ipasadya ang mga setting, makontrol mo ang mga update sa operating system sa pamamagitan ng pagpili sa **Awtomatikong mag-download at mag-install ng Mga Update ng Windows Phone**. Pagkatapos mong i-set up ang Windows Phone, maaari mong i-off ang feature na ito anumang oras.

### Ang Iyong Mga Opsyon:

Para baguhin ang setting para sa awtomatikong pag-download ng mga hindi kritikal na update ng operating system kapag natukoy ang mga ito:

1. Pumunta sa **Mga Setting** > **system** > **update sa telepono**.
2. Lagyan ng check o i-clear ang **Awtomatikong mag-download ng mga update kung pinapayagan ito ng mga setting ng aking data**.

Para manu-manong tingnan kung may mga update sa operating system anumang oras:

1. Pumunta sa **Mga Setting** > **system** > **update sa telepono**.

## 2. I-tap ang **tumingin ng mga update.**

# Wallet

Maaari kang mag-set up ng wallet sa iyong telepono para mag-imbak ng mga paraan ng pagbabayad (kasama ang mga credit at debit card) para sa pagsasagawa ng mga pagbili sa Store o sa iba pa. Maaari ding mag-imbak ang iyong wallet ng iba pang impormasyon gaya ng mga coupon, loyalty card, ticket, at iba pang digital na nilalaman. Ang mga app sa iyong telepono ay maaaring awtomatikong mag-save ng impormasyon sa iyong wallet. Maaari ka ring magdagdag ng mga item sa iyong wallet mula sa isang email o link sa web.

Kung papayagan mo ang Wallet na gamitin ang iyong lokasyon, maaari ka nitong abisuhan kapag malapit na ang iyong telepono sa mga lokasyong nauugnay sa mga item sa iyong wallet. Halimbawa, maaaring awtomatikong ipakita ng Wallet ang iyong ticket sa isang konsyerto kapag malapit ka na sa lugar kung saan gaganapin ang konsyerto. Hindi ibabahagi ng Wallet ang iyong lokasyon sa sinumang third party.

Ang ilang item sa iyong wallet ay maaaring ma-update sa paglipas ng araw. Pana-panahong magdownload ang Wallet ng mga update sa mga item na ito.

Kapag nagdagdag ka ng credit o debit card, iiimbak lang namin ang unang anim na digit at ang huling apat na digit sa iyong telepono. Ginagamit ang unang anim na digit para makatulong sa iyo na maghanap ng mga app (gaya ng mga app mula sa iyong bangko) na makakapagpaganda sa iyong karanasan sa wallet. Ang huling apat na digit ay ginagamit para tukuyin ang mga partikular na card. Ang kumpletong numero ng card ay iniimbak sa mga commerce platform na server ng Microsoft, na gumagamit ng iba't ibang teknolohiya at pamamaraan para sa seguridad para makatulong sa pagprotekta sa iyong impormasyon. Kung nag-ugnay ka ng credit card sa iyong account sa Microsoft (halimbawa, sa Store), gagawin din namin itong magagamit sa iyong wallet. Maaari ka ring magdagdag ng mga detalye ng pagsingil at iba pang impormasyon tungkol sa isang card sa iyong telepono para sa mas madaling paggamit. Ie-encrypt at iiimbak ang impormasyong ito sa iyong telepono.

Depende sa iyong carrier, maaari mo ring gamitin ang impormasyon ng wallet para sa mga NFC na transaksyon ng fast card sa ilang negosyante (halimbawa, para sa paggamit ng mga credit o debit card para sa mga pagbabayad na hindi nangangailangan ng pakikipag-ugnayan, o sa paggamit ng iyong loyalty card sa isang grocery store). Kapag may ganitong kakayahan, iiimbak ang mga kredensyal ng fast card sa isang ligtas na elemento sa iyong SIM card.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Maaari kang maglapat ng PIN sa Wallet na dapat ilagay bago buksan ang wallet. Para

magtakda ng PIN sa wallet:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > wallet.**
2. I-toggle ang switch ng **PIN sa Wallet** sa **Naka-on.**
3. Sundin ang mga tagubilin sa paglalagay ng iyong PIN.

Maaari mo ring iatas ang paglalagay ng iyong PIN sa wallet para magsagawa ng mga pagbili ng musika, mga app, at ilang partikular na in-app na pagbili kung nagtakda ka ng PIN sa wallet:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > wallet.**
2. Lagyan ng check ang **Gamitin ang PIN sa Wallet sa pagprotekta sa musika, app, at mga in-app na pagbili.**

Maaari ding i-on ang feature na ito sa pamamagitan ng mga setting ng Store. Tingnan sa [Store](#) itaas.

Kung nagbibigay ang iyong carrier ng mga kakayahan sa paggamit ng NFC, magkakaroon ang iyong telepono ng karagdagang setting na nagbibigay-daan sa iyong kontrolin kung kailan maaaring gamitin ang isang card sa pagsasagawa ng NFC na transaksyon:

1. Pumunta sa **Mga Setting > mga application > wallet.**
2. Sa **gagana ang mga fast card** piliin ang **habang bukas ang wallet, habang naka-unlock ang telepono, o habang naka-on ang screen.**

## Wi-Fi Sense

Ikinokonekta ka ng Wi-Fi Sense sa mga Wi-Fi network sa paligid mo para tulungan kang mag-save ng cellular data at bigyan ka ng higit pang opsyon sa pagkakakonekta.

Binibigyang-daan ka nito na:

- Awtomatikong kumonekta sa mga crowdsourced na bukas na Wi-Fi network
- Awtomatikong tanggapin ang mga patakaran sa paggamit at magbigay ng karagdagang impormasyon para sa mga Wi-Fi network na nangangailangan nito
- Makipagpalitan sa iyong mga contact ng access sa mga Wi-Fi network na pinoprotektahan ng password. Maaari silang magkaroon ng access sa Internet gamit ang mga network na pinili mong ibahagi. Gayundin, magkakaroon ka ng access sa Internet gamit ang mga network na

ibinahagi ng iyong mga contact

Tandaan na ginagamit ng Wi-Fi Sense ang iyong lokasyon sa pagtukoy sa mga kilalang network na malapit sa iyo. Sa pamamagitan ng Wi-Fi Sense, nauunawaan mo at sumasang-ayon ka na gagamitin nito ang iyong lokasyon. Kung ang **Mga serbisyo sa lokasyon** ay naka-off sa Mga Setting ng Lokasyon, hindi mo magagamit ang Wi-Fi Sense. Para matuto pa, tingnan ang seksyon na [Pagkuha at Paggamit ng Impormasyon ng Location Positioning](#).

Dapat mo ring tandaan na ang lahat ng Wi-Fi network ay secure.

Kung pipiliin mo ang **Awtomatikong kumonekta sa mga Wi-Fi network at tanggapin ang mga patakaran sa paggamit para sa akin** habang sine-set up ang iyong telepono, awtomatikong kokonekta ang iyong telepono sa mga bukas na Wi-Fi network na na-crowdsource ng iba pang gumagamit ng Windows Phone. Kung inaatasan ka ng isang Wi-Fi network na tanggapin ang mga patakaran sa paggamit o magbigay ng ilang karagdagang impormasyon bago ka makakonekta, maaari ding gawin ng Wi-Fi Sense ang mga bagay na ito para sa iyo para makakonekta ka nang mas mabilis. Hindi awtomatikong ibibigay ng Wi-Fi Sense ang iyong personal na impormasyon sa pakikipag-ugnayan (pangalan, numero ng telepono, o email address) sa mga Wi-Fi network hanggang sa i-set up mo ito na ganito ang gawin. Pagkatapos mong piliin na ibigay ng Wi-Fi Sense ang iyong personal na impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga network, awtomatikong ipapadala ng Wi-Fi Sense ang personal na impormasyon sa pakikipag-ugnayan na iyon sa anumang network na humihiling nito nang hindi ka pino-prompt. Ang paggamit ng isang network operator sa iyong personal na impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay napapasailalim sa kanyang mga kasanayan sa pagiging pribado, na maaaring nagbibigay ng pahintulot sa network operator na gamitin o ibahagi ang iyong personal na impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa malawak na paraan. Kung hindi mo gustong awtomatikong tanggapin ng Wi-Fi Sense ang mga patakaran o ipadala ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan, maaari mong i-off ang alinman sa mga feature na ito sa mga setting ng Wi-Fi Sense.

Para ibigay ang functionality na ito at tulungan ang serbisyo ng Wi-Fi Sense na magtukoy ng mga network para sa iyo at sa iba pa sa hinaharap, kukuha ang Microsoft ng data tungkol sa mga kinakailangan sa pagkonekta at bilis ng mga Wi-Fi network kung saan ikaw mismo ang kumokonekta. Halimbawa, kumukuha ito ng impormasyon tungkol sa kung kinakailangan ba ng network na tanggapin mo ang mga patakaran sa paggamit o maglagay ka ng impormasyon bago ka makakonekta. Sa ilang sitwasyon ang impormasyon para sa pagkonekta na ito ay naglalaman ng personal na impormasyon na inilagay mo, gaya ng iyong email address. Susubukan ng Wi-Fi Sense na alisin o itago ang personal na impormasyon bago ito ipadala sa Microsoft. Ang anumang personal na impormasyon na hindi sinasadyang makuha ay hindi gagamitin para sa anumang layunin at tatanggalin.

Ang mga bukas na Wi-Fi network ay hindi secure. Halimbawa, maaaring kumonekta ang kahit sino

at posibleng makita nila kung ano ang ginagawa mo. Maging maingat habang nagsasagawa ng mga bagay online na nangangailangan ng personal o sensitibong impormasyon, o maghintay hanggang sa makakonekta ka sa isang secure na network na pinagkakatiwalaan mo bago mo gawin ang mga bagay na ito. Maaari kang magdiskonekta sa anumang network sa Wi-Fi anumang oras sa pamamagitan ng pagpunta sa **Mga Setting > Wi-Fi**.

Kung pipiliin mo ang **Payagan akong makipagpalitan sa aking mga contact ng mga access sa Wi-Fi network** habang sine-set up ang iyong telepono, ikaw at ang iyong mga contact ay tutulongan ng Wi-Fi Sense na makipagpalitan ng access sa mga Wi-Fi network na pinoprotektahan ng password na pinili mong ibahagi. Maaari kang magbahagi ng mga network sa mga partikular na pangkat ng contact, gaya ng iyong mga kaibigan sa Facebook, contact sa Outlook.com, at contact sa Skype. Sa unang pagkakataon na kumonekta ka sa isang Wi-Fi network na pinoprotektahan ng password, maaari mong piliin na ibahagi ang network na iyong sa iyong mga contact, para magamit nila ito para magkaroon ng access sa Internet kung gumagamit sila ng Wi-Fi Sense. Ipapadala ng Wi-Fi Sense ang password ng Wi-Fi network na inilagay at pinili mong ibahagi sa Microsoft gamit ang isang naka-encrypt na koneksyon. Ie-encrypt at iiimbak ng Microsoft ang password, at pagkatapos ay ibibigay ito sa mga telepono ng iyong mga contact kung gumagamit sila ng Wi-Fi Sense at malapit sila sa isang network na ibinahagi sa kanila. Hindi makikita ng iyong mga contact ang mga password para sa mga network na ibinabahagi mo, at hindi mo magagawang makita ang mga password para sa mga network na ibinabahagi nila. Bukod sa password ng network, ibabahagi rin ang pangalan ng network at iba pang impormasyon na kinakailangan. Maaari mong piliin na ihinto ang pagbabahagi ng access sa isang network sa iyong mga contact anumang oras, pero tandaan na may pagkaantala bago maalis ang network sa mga telepono ng iyong mga contact. Para agarang pigilan ang iba sa pag-access sa isang network, maaaring palitan ng may-ari ng network ang password ng network.

Maaari mong baguhin ang mga setting ng iyong Wi-Fi Sense anumang oras mo gusto. Para gawin ito, pumunta sa **Mga Setting**, at pagkatapos ay i-tap ang **Wi-Fi > Wi-Fi Sense**.

### **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Kapag sine-set up mo ang iyong telepono, maaari mong piliin kung gusto mong gamitin ang Wi-Fi Sense. Pagkatapos ng pagse-set up sa iyong telepono, maaari mong palitan ang mga setting ng iyong Wi-Fi Sense anumang oras.

Maaari mong piliin kung awtomatikong kokonekta ang iyong telepono sa mga bukas na pampublikong Wi-Fi network, at kung awtomatikong nitong tatanggapin ang mga patakaran sa paggamit. Para piliin kung awtomatikong kokonekta sa mga bukas na pampublikong Wi-Fi network:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Wi-Fi > Wi-Fi Sense**.
2. I-toggle ang switch ng **Kumonekta sa mga hotspot ng Wi-Fi** sa **Naka-on** o **Naka-off**.

Para piliin kung awtomatikong tatanggapin ng Wi-Fi Sense ang mga patakaran sa paggamit:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Wi-Fi > Wi-Fi Sense.**
2. Lagyan ng check o i-clear ang **Tanggapin ang mga patakaran sa paggamit para sa akin kapag kinakailangan.**

Maaaring awtomatikong magbigay ang Wi-Fi Sense ng karagdagang impormasyon, gaya ng numero ng telepono o email address, sa mga Wi-Fi network na nangangailangan nito. Bilang default, hindi nagbibigay ang Wi-Fi Sense ng personal na impormasyon mo sa mga network. Para piliin kung awtomatikong magbibigay ang Wi-Fi Sense ng nasagutan nang form ng impormasyon, o para palitan ang impormasyong ibinibigay nito:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Wi-Fi > Wi-Fi Sense.**
2. Lagyan ng check o i-clear ang **Magbigay ng pangalan, email, o numero ng telepono kapag kinakailangan,** o i-tap ang button na **i-edit ang impormasyon** para makita o baguhin ang impormasyon na ibinibigay ng Wi-Fi Sense.

Maaari mo ring piliin kung ibabahagi ba sa mga contact mo ang access sa mga Wi-Fi network na pinoprotektahan ng password, at sa kung aling mga pangkat ng mga contact ibabahagi ang access. Para awtomatikong magbahagi ng access sa iyong mga contact:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Wi-Fi > Wi-Fi Sense.**
2. I-toggle ang switch ng **Ibahagi ang mga Wi-Fi network na pipiliin ko** sa **Naka-on** o **Naka-off.**

Para piliin kung aling mga pangkat ng contact ang pagbabahagian mo ng access:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Wi-Fi > Wi-Fi Sense.**
2. Sa **Ibahagi ang mga Wi-Fi network na pipiliin ko,** lagyan ng check o i-clear ang **Mga contact sa Outlook.com, Mga contact sa Skype, o Mga kaibigan sa Facebook.**

Para simulan o ihinto ang pagbabahagi ng isang partikular na Wi-Fi network sa mga kaibigan:

1. Pumunta sa **Mga Setting > Wi-Fi** at i-tap ang button na **pamahalaan.**
2. I-tap nang matagal ang isang network sa listahan, at piliin ang **ibahagi** o **huwag ibahagi.**

# Lugar ng Trabaho

Ang ilang kumpanya ay nag-aalok ng mga app at iba pang paraan para mas makakonekta ka sa iyong negosyo. Para sa mga dahilang panseguridad, kapag nagdagdag ka ng account sa lugar ng trabaho, maaaring maglapat ang iyong lugar ng trabaho ng mga patakaran sa iyong telepono na nagbibigay-daan sa kanilang atasan kang gumamit ng password sa lock screen, i-encrypt ang internal na storage ng telepono, at/o hindi paganahin ang iyong SD card. Maaari ding maglapat ang iyong lugar ng trabaho ng mga patakaran na pipigil sa iyong i-reset ang iyong telepono o tanggalin ang iyong account sa lugar ng trabaho. Maaari ding kumuha ang mga ito ng personal na impormasyon mula sa iyong telepono o malayuang burahin ang lahat ng nilalaman sa iyong telepono (kasama ang nilalaman na hindi nauugnay sa lugar ng trabaho) kung itatala mo ang iyong telepono sa iyong lugar ng trabaho. Kapag tinanggal mo ang iyong account sa lugar ng trabaho, mabubura ang mga Office document (kasama ang mga hindi naka-save na draft) sa iyong telepono, pero maa-access mo pa rin ang mga Office document na na-save mo sa iyong OneDrive. Dapat ay pag-isipan mo nang husto kung gusto mong iugnay ang iyong telepono sa isang account sa lugar ng trabaho at dapat mong alamin ang mga patakaran ng iyong lugar ng trabaho kaugnay nito.

## Ang Iyong Mga Opsyon:

Para magdagdag ng account sa lugar ng trabaho:

1. Pumunta sa **Mga Setting > system > lugar ng trabaho**.
2. I-tap ang button na **magdagdag ng account**.

Para magtanggap ng account sa lugar ng trabaho:

1. Pumunta sa **Mga Setting > system > lugar ng trabaho**.
2. I-tap ang nakatalang pangalan ng account.
3. I-tap ang icon na basurahan.

# Xbox LIVE at Xbox Music

Para gumawa ng bagong account sa Xbox LIVE o Xbox Music, maaaring kailanganin mong ibigay ang iyong edad at bansa/rehiyon. Para sa mga bagong account, awtomatiko kaming bubuo ng palayaw (na tinatawag naming gamertag) na ginagamit sa pagtukoy sa iyo sa mga serbisyo ng Xbox LIVE at Xbox Music. Maaari mong palitan ang palayaw na awtomatikong binuo sa pamamagitan ng pag-tap sa iyong gamertag sa Games Hub. Kung magpo-post ka ng mga review sa Store, ang mga review ay ipo-post sa ilalim ng unang pangalan sa iyong account sa Microsoft.

# Mga Laro

Kung papayagan mo ang isang laro ng Microsoft na i-access ang iyong lokasyon, maaaring ipadala ang tinatayang lokasyon ng iyong telepono sa Microsoft para maggawad ng mga achievement, magbigay ng mga in-game na reward, o ipasadya ang isang gameplay. Ang mga laro ng Microsoft ay kukuha at mag-iimbak lang ng tinatayang lokasyon ng iyong telepono ayon sa kinakailangan para sa mga layuning ito. Halimbawa, maaaring gamitin ng mga laro ang iyong lokasyon para maggawad ng isang achievement batay sa distansyang nilakbay sa pagitan ng mga session ng laro. Maaari ding kumonekta ang ilang third-party na laro sa Xbox LIVE, na nagbibigay-daan sa mga itong magpadala ng aktibidad ng paglalaro at data ng achievement sa Xbox. Ang pagkuha at paggamit ng impormasyon ng mga third-party na laro ay napapasailalim sa mga kasanayan sa pagiging pribado ng third party.

# Musika

Kapag ginamit mo ang Xbox Music, kukuha kami ng impormasyon tungkol sa mga kantang pinapatugtog mo para i-personalize ang iyong mga karanasan at pahusayin ang mga produkto at serbisyo ng Microsoft. Ginagamit ang impormasyong ito para makatulong sa pagbibigay sa iyo ng nilalaman at mga feature na mas naaangkop sa musikang gusto mo at para bigyang-daan ka na ibahagi sa iba ang mga musikang pinatugtog mo kamakailan. Ginagamit din ito sa anyong sama-sama para sa paggawa ng top charts.

Para palawakin ang iyong karanasan kapag nagpapatugtog o nagba-browse ng musika, maaaring magpakita ang Xbox Music ng nauugnay na impormasyon tungkol sa musikang pinapatugtog mo at sa nilalaman sa iyong library sa Xbox Music, gaya ng pamagat ng album, cover art, pamagat ng kanta o video, mga larawan ng artist, mga talambuhay ng artist at iba pang impormasyon, kapag mayroon. Para i-download ang impormasyong ito, nagpapadala ang Xbox Music ng kahilingan sa impormasyon sa Microsoft na naglalaman ng pamantayang impormasyon ng device at ng identifier para sa nilalaman.

Para matuto pa tungkol sa mga kasanayan sa pagkuha ng impormasyon ng Xbox LIVE at Xbox Music, pakibasa ang [Pahayag ng Pagiging Pribado ng Xbox](#).

## **Ang Iyong Mga Opsyon:**

Para baguhin ang iyong mga setting ng pagiging pribado ng Xbox, na nagkokontrol sa mga bagay gaya ng kung paano magagawang makipag-ugnayan ng mga tao sa iyo, kung paano maibabahagi ang impormasyon sa profile na idaragdag mo, at kung paano ibinabahagi ang mga aktibidad sa Xbox, pumunta sa Xbox.com at mag-sign in sa iyong account.

Para hindi paganahin ang access ng isang laro ng Microsoft sa lokasyon ng iyong telepono,

pumunta sa menu ng Tulong/Mga Opsyon ng laro at i-off ang access sa location. Kung hindi naman, maaari mong i-off ang switch ng pangunahing lokasyon sa iyong telepono.